

Karapatang-pantaong Pagtatanghal ng Pag-asa sa Ika-21 Siglo Sapagkat lahat tayo ay katangi-tangi

Ang eksibisyong ito ay binuo bilang suporta sa pandaigdigang programa ng United Nations para sa karapatan ng kabataan sa edukasyon.

Dagdag sa mga paliwanag tungkol sa mga isyu ng karapatang-pantao, itinatampok din sa eksibisyong ito ang mga mahahalagang materyales at mga likhang-sining na may kinalaman sa karapatang-pantao.

Itinaguyod ang eksibisyong ito sa pamamagitan ng United Nations Information Centre, UNICEF Japan Office at National Federation of UNESCO Associations in Japan.

Walang bayad ang pagpasok sa eksibisyon.

<Mga Tampok>

1) Primera-klaseng kakayahan at magandang ispirito

Halina't tunghayan ang isang koleksyon ng mga pangunahing-uri ng sining na puno ng kasiglahan upang mabuhay, daigin ang pagkakaroon ng kapansanan at labanan ang prejudice, o ang di-makatuwirang pagkiling sa isang tao, grupo, kaugalian, lalo na kung ito ay batay sa kanilang lahi, relihiyon, kasarian at iba pa. Itinatampok sa bahaging ito ang mga likha nina Emu Namae, isang bulag na ilustrador, mga burdang Ainu ni Mieko Chikappu, at ang sulat-kamay na manuskrito ng awit ni Wayne Shorter na "Aung San Suu Kyi".

2) Mga kuwentong pupukaw sa damdamin

Paghahangad ng kapayapaan, pagmamahal sa kapwa-tao, pagpapahalaga sa pagiging tao...ang makapangyarihang lakas sa likod ng mga nasabing damdamin ay sa ilang pagkakatao'y bumago sa takbo ng kasaysayan. Kasama sa bahaging ito ang draft ng Universal Declaration of Human Rights, pati na rin ang mga katangi-tanging libro at mga dokumentong nasa sulat-kamay ng mga pangunahing tagapagtaguyod ng karapatang-pantao na kilala sa buong mundo tulad nina Martin Luther, Janusz Korczak, Ghandi, Eleanor Roosevelt, Martin Luther King, Jr. at Helen Keller.

3) Mga pahayag ng walang-hanggang pag-asa

Makikita sa bahaging ito ang isang larawang iginuhit sa diyaryo ng isang batang babae na taga-Liberia. Kasama din ang mga sandalyas na gawa mula sa lumang gulong; ang mga ito ay ginawa ng mga tao na tumira sa mga refugee camp.

4) Bahagyang introduksyon sa mga usaping karapatang-pantao sa buong mundo

Tinatalakay sa bahaging ito ng eksibisyon ang mga problema ng gender equality (o parehas na pagtrato sa anumang kasarian), kabataan, mga katutubo, bayang sinilangan, mga dayuhan, mga may kapansanan, mga matatanda, homoseksuwalidad, karalitaan, pagkagutom, paggagamot, HIV/ AIDS, mga usaping pangkapaligiran, mga walang tahanan, pagpapakamatay, hidwaang-militar, mga refugee, mga landmine, at terorismo.

5) Bisitahin din ang seksyon ng "Mga Kuwentong Aantig sa Damdamin", kung saan ikalilibang ng mga tao na may kapansanan sa paningin ang may 400 na aklat ng mga larawan. Kabilang dito ang isang aklat galing sa Iran.

P01

Panimula

Ang bida ng eksibisyong ito ay ang lahat ng nagsidalalo dito.

Kung sisilipin natin ang karapatang-pantao, iba't-ibang bagay ang ating makikita.

Binibigyan tayo nito ng pagkakataon na pag-isipan nang tapat ang tungkol sa ating mga sarili,

Tungkol sa mapagmahal na pamilya, matibay na pagkakaibigan,

At kung ano ang nararapat sa ating bansa at sa buong mundo.

Minsa'y pinaluluha tayo ng katotohanan, Subali't para doon sa mga taong nakasisiguro sa kanilang mga karapatang-pantao, sila ay tunay na hindi malulupig.

Walang bagay na dapat katakutan.

Sapagka't nasa mga karapatang ito ang matingkad na liwanag ng pag-asa.

Nais kong buksan ang pagtatanghal na ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na kataga:

“Ang tao na lubusang naghirap ay siyang may karapatan sa pinakamatinding kaligayahan.”

P02

Mga Prologong Eksibit

Ang dalawampu't-tatlong pahina ng draft ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao (o *Universal Declaration of Human Rights*), na siyang naging batayan para sa mga dokumento tungkol sa mga karapatang-pantao, ay regalo ni Dr. Humphrey kay Ginoong Ikeda, presidente ng SGI. Si Dr. Humphrey ay taga-Canada, at siya ang pangunahing may-akda ng nasabing dokumento.

Matutunghayan sa seksyong ito ang isang 50-inch *touch panel display* ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao na isinalin sa 321 na mga wika, at ito'y opisyal na kinikilala ng *Guinness Book of World Records*. Makikita sa panel na ito ang mapa na may marka ng iba't-ibang mga wika. Kapag pinili ang alinman sa mga wikang ito, lilitaw ang kopya ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao sa mismong titik ng wikang iyon.

Kasama rin sa eksibit ang mga sumusunod: ang mga ipinagbawal na mga sulatin noong 1521 ng repormistang panrelihiyon na si Martin Luther King, Jr.; mga liham ng taga-India na tagpagtaguyod ng pasismo na si Gandhi, na isinulat niya habang siya'y nasa bilangguan; ang *The Last Day of a Condemned Man* na isinulat ni Victor Hugo, isang Pranses na itinuturing na higante sa larangan ng literatura at kumilos para sa abolisyon ng parusang kamatayan. Ang mga taong ito na ipinaglaban ang mga karapatan ng tao ay bumago sa takbo ng kasaysayan.

Itinatanghal din ang manuskrito ng pyesa ng musika na nasa sulat-kamay mismo ni Wayne Shorter, isang tanyag na musikero na sinasabing karisma ng mundo ng *jazz*. Ang nasabing manuskrito ay sinulat ni Shorter para kay Aung San Suu Kyi, na lumalaban sa rehimeng militar sa Myanmar.

Tampok din sa eksibit ang isang artikulong bumabatikos sa pamahalaang-militar ng bansang Hapon na inilathala sa diyaryong *Shinano Mainichi Shimbun*. Ang nasabing artikulo ay isinulat ni Yuyu Kiryu, isang rebeldeng mamamahayag ng Hapon. Ikinagalit ito ng mga awtoridad at muntik nang matanggal sa posisyon si Kiryu sa naturang diyaryo. May ilang 1200 na peryodikong nasa sirkulasyon bago pumutok ang digmaan, subali't pinagsama-sama ang mga ito upang maging 55 na kompanya ng diyaryo noong 1942.

P03

Laging Abot-Kamay ang mga Karapatang-Pantao

Inilalahad sa bahaging ito ang madaling maintindihang buod ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao.

Ang lahat ng tao ay pantay-pantay! Hindi papayagan ang diskriminasyon!

Ang bawat tao'y may karapatang mabuhay!

Walang sino mang aalipinin!

Walang sino mang lalapatan ng di-makataong parusa!

Ang lahat ng tao'y may karapatang humarap sa paglilitis!

Walang di-makatuwirang pagdakip o pagpapatapon!

Ang bawat tao'y may karapatan sa isang

makatarungang paglilitis!

Dapat pangalagaan ng batas ang ating pananahimik (*privacy*) at karangalan!

Ang bawat tao'y may karapatang pumili ng kanyang titirhan!

Ang bawat tao'y may karapatang humanap sa ibang bansa ng pagpapakupkop at karapatang bumalik sa kanyang sariling bansa!

Lahat tayo'y may karapatan sa pagkamamamayan (*citizenship*)!

Lahat tayo'y malayang magpakasal at makipaghiwalay!

Ang bawat tao'y may karapatang mag-angkin ng ari-arian!

Ang bawat tao'y malayang mag-isip at pumili ng kanyang relihiyon!

Lahat tayo'y may karapatan sa malayang pagpapahayag!

Ang bawat tao'y may karapatan sa malayang pagpupulong at pagsasamahan!

Ang bawat tao'y may karapatang makilahok sa pamahalaan sa pamamagitan ng mga kinatawan!

Ang bawat tao'y may karapatan sa pantay na pagpasok sa paglilingkod sa bayan!

Lahat tayo'y malayang pumili ng papasukang hanapbuhay!

Lahat tayo'y may pangangalaga laban sa kawalan ng mapapasukang hanapbuhay!

Lahat tayo'y may karapatan sa pamamahinga at paglilibang!

Lahat tayo'y may karapatan sa edukasyon!

Ang bawat tao'y may karapatang tangkilin ang mga sining at makibahagi sa mga pakinabang ng siyensiya!

May karapatang ang bawat may-akda na pangalagaan ang kanilang kapakanang materyal!

Ang bawat tao'y may pananagutan lamang sa isang lipunan kumikilala at gumagalang sa kanila bilang tao!

P11

Eksibit tungkol sa Kababaihan

Masigasig si Eleanor Roosevelt sa pagtataguyod ng karapatan ng mga kababaihan at kasama siya sa pagbubuo ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao noong siya ang pinuno ng *United Nations Human Rights Commission*. Makikita sa eksibit na ito ang isang sulat-kamay na liham na magpapataba ng inyong puso at isang nilagdaang kopya ng unang edisyon ng nasabing Pagpapahayag na ibinigay ni Eleanor Roosevelt sa kanyang anak na lalaki. Dagdag dito, mayroon ding mga

bagay na may kinalaman kay Kate Sheppard, ang babaeng naging kasangkapan noong ika-19 na siglo sa pagkuha ng pantay na karapatang bumoto para sa mga kababaihan ng *New Zealand*, ang unang bansang naggawad sa mga kababaihan ng karapatang bumoto.

Matatagpuan din ang isang minakinilyang draft ng Saligang-Batas ng Hapon na naglalaman ng mga karapatan ng kababaihan na idinagdag ni Beate Sirota Gordon noong siya ay edad 22. Nanirahan si Beate sa Hapon at ninais niyang makitang gumanap ng mahalagang papel sa lipunan ang mga kababaihan ng bansang ito. Sinangguni niya ang saligang-batas ng iba't-ibang bansa bago siya nagdraft ng panibagong Saligang-Batas ng Hapon. Tignan kung paano binago ng mga kababaihan ang kasaysayan sa pamamagitan ng kanilang sariling pagsisikap.

Kasama rin sa eksibit na ito ang mga manikang dinamitan sa tradisyunal na Lisu at Hmong na kasuotan na ginawa ng mga kababaihan ng mga tribo ng bansang Thailand. Ang ibig sabihin ng Lisu ay “maharlika”, at ang mga tao ng Lisu ang itinuturing na pinakamarangya sa lahat ng mga minorityang grupong etniko ng Thailand. Ang mga Hmong naman ay sinasabing malilisto at malikhain sa anumang bagay.

Matutunghayan din ang mga bagay na nagpapakita ng malakas na hangarin ng tao na tumayo at makipaglaban sa anumang hamon upang mabuhay. Bilang bahagi ng kanilang rehabilitasyon, makikita sa eksibit ang mga abubot na ginawa ng mga babaeng naging biktima ng *human trafficking*.

P12
Kasarian (*Gender*)
Only One Power

Ano ang ibig sabihin ng tunay na lalaki?
Ano ang ibig sabihin ng tunay na babae?
Ano ang konsepto ng magulang?
Ano ang konsepto ng anak?
Ano ang konsepto ng tipikal na guro?
Ano ang konsepto ng tipikal na mag-aaral?
Ano ang ibig sabihin ng indibidwal?
Ano ang ibig sabihin ng tunay na tao?

Simula sa pagkabata, ikinahon na tayo sa iba't-ibang kategorya.

Minsan ang mga kategoryang ito ay upang pangalagaan ang ating sarili,
Minsa'y ginagapos tayo ng mga ito.
Kung isa-isa nating kinikilala ang bawat kategoryang ito,
At kung isa-isa natin silang huhubarin,

Ano ang matitira sa huli?
Matitira kaya ang ating tunay na sarili?

Mula sa “Kokoro no Kotoba 4” (Mga Kataga ng Puso 4), ni Hitomi Konno

< Pantay na Karapatan para sa mga Kasarian (*Gender Equality*) >
Datapuwa't walang malinaw na dahilan, ang kamalayan tungkol sa kasarian ay tumutukoy sa mga katangiang inuugnay sa pagiging babae o lalaki. Ang *gender equality* ay patuloy na nagiging pandaigdigang batayan upang ituring ang isang indibidwal bilang natatanging nilalang at pinapayagan nitong maipahiwatig nang sapat ng isang tao ang kanyang taglay na kakayahan, imbis na ipilit sa kanya ang mga katangian ng isang “tunay na babae o lalaki”.

< Pagkiling ayon sa Kasarian (*Sexual Discrimination*) >
Sapagka't malakas na pinaniniwalaan na ang pagpapalaki ng anak ay “tungkulin ng babae”, karaniwang ipinapalagay na siya ay titigil sa kanyang paghahanap-buhay sa oras na siya'y mabuntis. Dahil siya ay isang babae, matatagpuan niya ang kanyang sarili sa isang situwasyon kung saan hindi niya kayang buhayin ang sarili at aasa na lamang siya sa mga desisyon ng kanyang napangasawa. Malinaw dito na hindi napapangalagaan ang kanyang mga karapatan bilang babae. Samantala, ang mga kalalakihan ay naiipit sa mga itinakdang papel na kailangan nilang gampanan.

< Ang Kagandahan ay bunga ng Pagkakaiba >
May lumang kasabihan sa Hapon na *o-u-cho-ri*, na ang ibig sabihin ay “*Cherry, Plum, Peach, Apricot.*” Ang mga bulaklak ng mga ito ay may kanya-kanyang taglay na kagandahan at tulad ng mga ito, tayo ding mga tao ay magagandang lahat sapagka't tayo ay magkakaiba. Upang tulungan kang ilantad ang iyong tunay na ningning, upang tulungan kang tahakin nang taas-noo ang iyong sariling landas, patuloy na kumakalat sa buong mundo ang *empowerment movement* (isang kilusan na

tumutulong sa mga tao na maniwala sa sarili nilang kakayahan).

< Ano ang *empowerment movement*? >
Pinapahalagahan ang buhay ng bawat tao.
Ang maipahiwatig ang tunay na sarili, at magantimpalaan ayon dito.
Ang kakayahan na magkaroon ng pag-asa para sa hinaharap.
Isang kapaligiran kung saan maaaring subukin o hamunin ang sarili.
Upang mamuhay ng may lakas ng loob ang mga babae, maraming mga indibidwal at organisasyon ang nagsisikap na turuan silang bumasa at sumulat, kung paano mamuhay nang malusog at ligtas, at kung paano buhayin ang sarili.

P13
Paghahanap-buhay ng mga Kababaihan

Heto na ang mga diyosa ng bagong henerasyon ---
Ang mga bagong bayaning babae!

Palaging lumalaban ang mga kababaihan para sa pagbabago.
Matatag, may determinasyon, at Siguradong humuhubog sila ng bagong henerasyon.

Tinanong ng isang babae ang kanyang tagapangasiwa kung bakit mabagal ang pag-angat ng kanyang ranggo sa opisina kung ihahambing sa mga kasabayan niyang lalaking empleyado.
Sagot ng tagapangasiwa, “Iyon ay dahil sa anim na buwan kang hindi pumasok upang maalagaan mo ang iyong anak.”
Tugon naman ng babae,
“Ang hindi ko pagpasok ng anim na buwan ay pinahihintulutan ng pamahalaan. Hindi ako basta nag-absent dahil lang gusto ko.”
Matapos ang anim na buwan, tumaas ang kaniyang posisyon.
Bago magtagal, siya'y magiging presidente ng isang malaking korporasyon.

Nagsilang ng sanggol ang isa pang babae.
“Kailan ka hihinto sa trabaho?”, tanong ng kanyang mga superyor at mga kaopisina.
“Walang dahilan para tumigil ako sa paghahanap-buhay. Sa katunayan ay balak kong pagsikapin pa ang pagtatrabaho.”
Malamig ang naging pakikitungo nila. May mga pagkakataong halos humantong ang lahat sa korte.
Subali't lalo pa niyang pinagbuti ang kanyang trabaho.
At siya'y naging kapaki-pakinabang sa

kompanya.

Sa ika-labindalawang taon niya sa kompanya ay inilipat siya sa ibang dibisyon kung saan wala siyang tunay na gawain.

Sa kabila nito, higit pa siyang nagsikap kaysa ibang mga empleyado.

Sabi niya sa tagapangasiwa,

“Bigyan ninyo ako ng trabahong ibinibigay ninyo sa mga lalaking empleyado dito.”

Nagulat ito at sagot sa kanya,

“Ano ang ikinayayamot mo? Ang pinakamabuting bagay na nangyari nang dumating ka dito ay mayroong naghahain ng tsaa sa ating mga kliyente.”

Naglakas-loob ang babaeng sumagot sa tagapangasiwa,

“Wala akong trabaho sa dibisyong ito.”

Matapos ang ilang buwan, inilipat siya sa *central planning division*.

< Kakaunti pa rin ang mga Pinunong Babae >

Ayon sa *Gender Empowerment Index*, ang pandaigdig na batayan ng antas ng pakikilahok ng mga kababaihan sa lipunan, ika-44 sa buong mundo ang bansang Hapon. Taun-taon, nilalagpasan tayo ng mga ibang bansa. Ang pagsulong sa larangang ito ay pinipigilan ng mga di-tuwirang diskriminasyon mula sa mga tao na may paniniwalang “hindi angkop para sa isang babae ang humawak ng mataas na posisyon” o kaya nama’y “kung anu’t ano man, mag-aasawa ang mga babae at titigil sa kanilang trabaho kaya hindi sila maaaring asahan sa mga mahahalagang tungkulin.”

< Tapos na ang Panahon ng “Sa labas ang lalaki, sa loob ng bahay ang babae” >

Sa kasalukuyan, sa lipunang pandaigdig, ang lawak kung saan napapangalagaan ang mga karapat ng kababaihan ay tinuturing na mahalagang batayan ng antas ng kaunlaran ng bansang iyon. Kasama ang bansang Hapon sa pagkilala na pinakamahalagang usapin sa ika-21 na siglo ang pagbubuo ng isang lipunang walang kinikilingang kasarian, walang *sexual discrimination*. Nagsimula nang maghain ng mga solusyon ang pamahalaang Hapon, subali’t tila mabagal ang pagsunod ng lipunan dito. Ang *prejudice* at diskriminasyon laban sa mga babaeng walang anak o hindi nag-asawa ay isang uri ng *sexual harassment*, at pinipigilan nito ang pagtatagumpay ng mga kababaihan sa lipunan.

P14

Karahasan Laban sa Kababaihan

Para sa mga nasasadlak sa kalungkutan:

Nakakulong siya.

Sumagi sa isip niya kasabay ng pagmulat ng kaniyang mga mata sa umaga,

“Baka sakaling may pagbabago ngayong araw,

Subali’t walang kahit isang bagay na nagbago.”

Tila palagi siyang kinokontrol ng ibang tao.

May alingawngay ng unos ng abuso sa kaniyang ulo.

Maliit na buhawi ng suntok ng mga kamao.

Wala nang nararamdaman na sakit ang kaniyang katawan.

“Hindi, walang mangyayari kung titiisin ko lang ang lahat ng ito,”

Napag-isip-isip niya.

Kung patuloy na ganito, maglalaho ako.

Natagpuan niya ang isang poskard.

“Guguhit ako ng larawan.”

Sa loob ng mahabang panahon, nakapagpasiya siya para sa kaniyang sarili.

Hanggang sa dulo ng kaniyang mga daliri ang pakiramdam na siya’y buhay,

Tunay na kamangha-mangha.

Ang bawat pagpapasiya niya,

Kaniyang bibigyang-halaga.

Nakatagpo siya ng mga taong handang tumulong sa kaniya.

“Lakasan mo ang iyong loob, hindi ikaw ang may kasalanan.”

Bumalik nang kaunti ang tiwala niya sa sarili.

“May halaga pa ang mabuhay,”

Naisip niya.

Tinangay ng mga pulis ang kaniyang mister.

“Anong masama kung saktan ko ang misis ko?”

Iyon ang mga huling salitang narinig niya dito.

< Pagnanakaw --- Isang Paglabag sa Karapatang-Pantao >

Ang karahasan laban sa kababaihan ay isang paglabag sa karapatang-pantao; ninanakaw nito ang mga pangarap, pag-asa, at kinabukasan ng biktima nito. Maaaring sanhi ng gayong karahasan ay ang tinatawag na “kulturang pumapayag sa

karahasan” na nakabaon sa isipan ng maraming kababaihan at kalalakhian. Pinapayagan ng kulturang ito ang mga pangungusap tulad nito: “Kung hindi niya naiintindihan ang sinasabi mo, gulpihin mo hanggang maintindihan niya.” o kaya nama’y ganito: “Dapat tahimik ang asawang babae at dapat niyang sundin ang kaniyang asawa.”

< Nangyayari pa din! >

Ang karahasan laban sa kababaihan sa buong mundo ay sumasaklaw sa karahasang seksuwal (*sexual violence*) at pangangalakal ng katawan (*human trafficking*). Karamihan sa mga babaeng nasadlak sa prostitusyon ay mga biktima ng pang-aabuso at labis na pagpapahirap (*torture*). Karaniwang mga biktima ng ganitong uri ng karahasan ay grupo ng mga kababaihang dumaranas ng diskriminasyon. Kabilang sa mga grupong ito ay mga katutubo, mga *refugee*, mga dayo (*immigrant*), mga nakatira sa mga lalawigan at mahihirap na lugar, mga may kapansanan, mga matatanda, at mga nakatira sa mga lugar na apektado ng mga sagupaang militar.

< Mga Karapatan ng Kababaihan --- Pinakamalaking Hamon >

Noong dekada '90 lamang kinilala ng buong mundo na ang karahasan laban sa kababaihan ay isang usapin o isyu ng karapatang-pantao. Ang malaking hamon na ating haharapin ngayon ay ang labanan ang mga nakapipinsalang mga kaugalian na nakapaloob sa kultura at tradisyon na sadyang lumalabag sa mga karapatan ng kababaihan.

< Kumikilos ang Buong Mundo >

Tinuturing ng United Nations na may pinakamataas na prayoridad sa listahan ng mga usaping pang-karapatang-pantao ang “karahasan laban sa kababaihan”. Nananawagan din ito sa mga bansa na ituring na krimen ang gayong karahasan at pagtibayin ang mga batas na may kaugnayan dito. Noong 2001, isinabatas ng bansang Hapon ang “batas sa pangangalaga laban sa karahasan sa loob ng mag-anak” o ang *Domestic Violence Protection Law*. Maaari nang magsumbong ang sinumang naging biktima ng ganitong uri ng karahasan. Mayroong mga itinaguyod na mga *counseling center* at mga pansamantalang tirahan sa buong bansa upang tulungan ang kababaihan na mapabuti ang kanilang kalagayan.

P15

Impormasyon tungkol sa mga Kababaihan sa Buong Mundo

< Mga “Unang Babae” sa Mundo >

1. Noong 1883 sa New Zealand, pinamunuan ni Kate Sheppard ang isang *grass-roots movement* na nagbigay ng pantay na karapatan sa mga kababaihan upang bumoto.
2. Mahigit sa kalahating porsyento ng kabuuang bilang ng mga miyembro ng Gabinete sa bansang Sweden noong 1999 ay mga babae.
3. Ang 22-anyos na miyembro ng kawani ng *General Headquarters* na si Beate Sirota Gordon ay malaki ang naiambag sa pagbubuo ng Saligang-Batas ng bansang Hapon at matagumpay niyang ipinaglaban na maisama ang mga Artikulo 14 at 24 na siyang nangangalaga sa mga karapatan ng kababaihan.

< Pangangalakal ng mga Babae at mga Bata >

Taun-taon, may 600 hanggang 800 libong mga tao ang ipinagbibili at binibili sa buong mundo. 80 porsyento ng mga biktimgang ito ay mga bata at kababaihan; 50 porsyento sa mga kababaihang ito ay miyembro ng mga grupong minorya. Mamamasukan sila bilang mga serbidora at kasambahay, subali't pilit silang ipapasok sa prostitusyon.

< Kakaunti pa lamang ang mga Haponesang Pinuno >

Sinusukat ng *Gender Empowerment Index* ang lawak ng pakikilahok ng mga kababaihan sa pagpapasiya sa pamahalaan, ekonomiya, at lipunan sa kabuuan. Ang bansang Hapon ay ika-44 sa buong mundo, batay sa proporsyon ng bilang ng mga posisyong pinupunan ng kababaihan sa Parlamento, mga propesyonal na trabaho, mga posisyong may kinalaman sa teknolohiya at pangangasiwa.

P21

Eksibit tungkol sa mga Bata

Makikita sa eksibit na ito ang kopya ng unang edisyon ng librong *King Matt the First*, na nailimbag sa Amerika noong 1945. Isinulat ito ni Janusz Korczak, ang kauna-unahang tao sa buong mundo na

nagbigay ng karapatan sa mga bata na ipahayag ang kanilang mga opinyon. Noong panahong ilimbag ang aklat ni Korczak, ipinagbawal ito sa Poland, ang sarili niyang bansa, sapagkat siya'y isang Hudyo. Noong 1945, sa gitna ng kaguluhan ng Ikalawang Digmaang-Pandaigdig, ang kuwento ng isang batang lalaki na namuno sa isang bansa, ang katangi-tanging librong ito ay isinalin, nilagyan ng mga larawan, at inilimbag sa Amerika. Nagtayo si Korczak ng isang bahay-ampunan, kung saan hinayaan niya ang mga bata na patakbuhan ito. Mayroon din siyang binuong hukuman sa loob ng ampunan kung saan ang mga bata din ang mga hukom. Nang dumating ang mga Nazi upang tangayin ang mga batang Hudyo at dalhin sila sa mga *gas chamber*, sumama si Korczak sa kanila at sinabing, “Magpiknik tayo.” Namatay silang magkakatabi.

Matutunghayan din ang mga sulat-kamay na mga liham at mahahalagang mga libro na pag-aari ng taong lubusang ginagalang ni Korczak, si Pestalozzi, taga-Switzerland na itinuturing na ama ng edukasyon.

Kasama din sa eksibit ang isang malawak na koleksyon ng mga larawang iginuhit ng mga bata mula sa iba't-ibang panig ng mundo. Kabilang sa mga ito ay mga batang pinilit maging sundalo sa murang edad, mga batang lansangan, at mga batang nawalan ng magulang dahil sa sakit na AIDS.

P22

Kalagayan ng mga Bata sa Buong Mundo

Awit ng Daigdig

Sa mundong ito, maraming mga bata ang nangangarap:

Musika, sining, *soccer*, beysbol, negosyo, kalawakan...

Subali't marami din ang mga batang lumuluha.

Sinasalo nila ang bigat ng lahat ng mga problema:

Kung minsa'y mayroon silang dukhang magulang,

At minsan nama'y

Pinagsasamantalahan ang kanilang kamusmusan.

May anak na namatayan ng magulang dahil sa gyera.

Nahuli ng mga sundalo habang siya'y tumatakas mula sa kanyang nayon,

Sa edad na labindalawa, nagsilang siya ng sanggol nang hindi man lang niya alam ang

ngalan ng sundalong ama nito.

Ipinasan niya ang kanyang munting anak sa kanyang likod, inabutan siya ng baril, At isinabak sa gyera bilang sundalo.

Isang bata naman ang sinabihan ng kanyang magulang:

”Huwag kang uuwi nang walang dalang pera.”

Tumira siya sa gilid ng lansangan,

Na tanging isang kumot lamang ang kanyang tangan.

Namumulot siya ng basurang ipinagbibili niya kapalit ng kaunting barya.

Hindi siya nakapasok sa paaralan.

Hindi nga niya alam kung ano ang paaralan.

Dahil sa karamdaman, hindi makapagtrabaho ang magulang ng batang babaeng ito.

Upang mabuhay, bago pa man siya pumasok sa elementarya,

Nagsimula siyang magtrabaho sa isang pagawaan ng karpit.

Sabi ng kanyang boss, ”Mas maayos silang magtrabaho kapag walang laman ang tiyan,”

Kaya isang beses lang siya kung pakainin sa isang araw.

Natabunan ng miserableng riyalidad,

Hindi naiintindihan ang mga nangyayari sa sarili,

Wala silang ibang magawa kung hindi idaan sa iyak ang sakit na nararamdaman.

Nililibang ng mga bata ang kanilang mga sarili sa maliliit na bagay, at nilalagpasan nila ang isa na namang araw.

Pipitas sila sa daan ng dilaw na bulaklak, at palalamutian ang buhok nilang may natuyong putik.

May mahahanap silang *picture book* sa bundok ng mga basura, at maghahanap sila ng mga letrang mababasa nila dito.

Ang binilog na lumang karton,

Sisipain nila na parang bola ng *soccer*.

Walang ”ngayon” para sa mga batang ito. At hindi rin sila makabuo ng pangarap para sa hinaharap.

Napagod muli ngayong araw, mamamaluktot ang maliit nilang katawan at matutulog.

Tulad ng mga batang ito na may magandang panaginip,

Dahan-dahang umikot ang mundo.

< Mga Batang Hindi Makapasok sa Paaralan >

Sa kasalukuyan, sinasabing may 121

milyong kabataan ang hindi makapasok sa paaralan, kahit gusto nila. Maraming mga dahilan ang dulot nito: inaapi at sinasaktan sila sa paaralan, sila'y mga babae, kailangan nilang tumulong sa bahay, hindi nila alam kung ano ang paaralan, malayo ang paaralan, walang guro, walang mga libro at mga gamit sa pagtutro, at marami pang iba.

P23

Impormasyon Tungkol sa mga Bata sa Buong Mundo

Sa taong 2005, may 2.2 bilyong kabataan ang nasa edad 18 pababa; isang bilyon sa mga batang ito ay nabubuhay sa kahirapan, 640 milyon sa kanila ang walang sapat na tahanan, at mahigit sa 121 milyon sa kanila ang hindi pumapasok sa paaralan.

Nang ganapin ang *United Nations Special Session on Children* noong 2002, ipinabatid ng mga bata sa mga pinuno sa mundo ang kanilang mga hinahangad. Pangarap nila ang katapusan ng kahirapan, ng pang-aabuso, ng pagsasamantala at ng gyera, at mga probisyon para sa edukasyon at pagkakataon na makilahok sa lipunang kanilang ginagalawan.

Bagama't hindi malinaw ang eksaktong bilang, kung pagbabatayan ang mga nakalap na impormasyon, may 300 libong bata ang sumabak sa may 36 na digmaan bilang mga sundalo.

Ayon sa impormasyong nakalap noong 2001, mahigit sa 50 porsyento ng mga bata na edad 14 pababa sa mga bansang Zimbabwe, Botswana, Zambia, Swaziland, Kenya, Lesotho at Uganda ang nawalan ng isa o parehong magulang dahil sa sakit na AIDS.

P24

Bullying

Siguradong may kinabukasan.

Hindi ako pinapansin ng buong klase.

Tila pinagtatawanan nila akong lahat, at natatakot ako.

Baka nasa akin ang problema?

Impyerno ang paaralan.

Kalahating taon, hindi ako pumasok.

Tinuring nila akong parang hayop, wala akong kahit isang kaibigan.

Napakasakit, ang sakit-sakit, minsan naisip kong magpakamatay.

Ngunit hindi ako nawalan ng pag-asa, Sapagkat may mga tao na tumanggap sa akin...

Sapagkat pinasaya nila ako.

Para sa mga tao na naniwala sa akin,

At para na rin sa aking sarili, hindi ako magpapatalo,

Kahit kailan.

< *Bullying Society* --- Hapon >

Hindi lamang ninanakaw ng *bullying* o pang-aapi sa kapuwa ang lugar ng mga bata sa lipunan sa pamamagitan ng pagpwersa sa kanilang magbulakbol, lumipat sa ibang eskuwelahan, o huminto sa pag-aaral. Minsa'y may mga pagkakataong nagpapakamatay ang mga batang dumaranas ng pang-aapi sa paaralan. Marahil may suliranin din ang ibang mga bansa tungkol sa *bullying*, subalit wala na yatang bansa maliban sa Hapon kung saan karaniwan na ang mga ganitong pangyayari sa bahay man o paaralan, at kung saan napakaraming bata ang nagpapakamatay dahil dito.

< Walong Pagtingin Ukol sa *Bullying* >

1. Ang mga nang-aapi ay 100 porsyento, hindi, 1000 porsyentong dapat sisihin.
2. Walang dahilan para mang-api ng kapuwa.
3. Sa oras na mang-api ng kapuwa, patay na ang puso ng gumawa nito.
4. Kapag may dinadalang problema, ayos lang na abalihin ang magulang.
5. Mali ang sabihing may kasalanan din ang inaapi.
6. May mga salitang hindi dapat sabihin, kahit sa anumang pagkakataon.
7. Kahit ang "pagpapabaya" ay isang uri ng "karahasan" na nakakasakit ng tao.
8. Ilusyon ang pagiging malakas sa paggamit ng dahas.

< Pagtaas ng Bilang ng mga Bulakbol >

Tumataas ang bilang ng mga batang humihinto sa pagpasok sa paaralan sanhi ng pang-aapi sa kanila o kaya nama'y hindi na sila komportable sa paaralan. Sa mga pribado o pampublikong paaralan, sa elementarya at *junior high school*, mayroong higit sa isa sa sampung mag-aaral ang nagbulakbol. Mahalaga ang mga taong nasa paligid ng mga batang ito upang maalis ang kanilang mga takot at pangamba.

P25

Pang-aabuso sa mga Bata

Palaging tila yelo sa lamig ang aking mga luha.

Sinusuntok at sinisipa ng aking ama, binaluktot ko ang aking katawan na parang bola.

"Walang silbi" ang lagi niyang tawag sa akin.

Kunwaring namimili, umupo ako sa tabing-daan at tahimik na umiyak.

Sa lalo kong pag-iyak, lalo kong naramdaman ang paglamig ng aking puso.

Nang hindi ko namamalayan, hangga't maaari, tumigil akong magpakita ng kasiyahan at kalungkutan.

Isang araw, matapos ang isa na naman sa maraming beses na pakikipag-usap sa isang "counselor", sinabi niya:

"Hindi ikaw ang may kasalanan.

Walang sinuman ang dapat suntukin o sipain."

Palagi kong naririnig ang mga salitang iyon sa tuwing kami'y magkikita.

Muli niyang sinabi sa akin iyon ngayong araw:

"Hindi ikaw ang may kasalanan.

Kahit isang daang beses kong ulit-ulitin itong sabihin sa iyo, gagawin ko hanggang maniwala ka."

Umapaw ang aking mga luha, hindi ko napigilan.

Mainit ang mga luhang iyon.

"May mainit din palang luha," naisip ko.

Kasing-init ng araw sa tagsibol ang aking puso.

"Mabuti din pala ang mabuhay."

Ito ang naramdaman ko ng sandaling iyon.

<Kapag Nawalan ng Kabuluhan ang Sistema ng "Pamilya">

Ang pagmamalupit o pang-aabuso ay walang kapatawaran. Dumaranas sa matagal na panahon ng matinding sikolohikal na pinsala ang mga batang ito sapagkat sila'y inaabuso sa sarili nilang tahanan, isang lugar na dapat ay ligtas at mapagkalinga. Kapag ang bata ay pinagmamalupitan ng taong nais nitong pagkatiwalaan, sila'y naguguluhan at kadalasang sinisisi ang sarili. Gayon pa man, ang mga mapang-abusong magulang ay marahil tinutugis din ng sarili nilang mga problema. May mga kaso kung saan ibinabaling ng mga magulang ang kanilang dinaranas na hirap sa kanilang mga anak, sapagkat ang mga magulang na ito ay maaring hindi lumaki sa isang

mapagkalingang tahanan o kaya naman ay hindi matatag ang pagsasama nilang mag-asawa. Hindi lamang mga bata ang kailangang bigyan ng kalinga, kung hindi pati ang mga magulang nito.

<Ano ang Pang-aabusong sa mga Bata?>

1. Pang-aabusong pisikal (pisikal na karahasan).
2. Pang-aabusong seksuwal.
3. Pagpapabaya. Hindi pagkalinga sa sariling anak. Halimbawa nito ay hindi pagdala ng bata sa doktor, at hindi pagpapakain nang sapat sa anak.
4. Pang-aabusong sikolohikal. Halimbawa nito ay pagsabi sa anak ng "Sana mamatay ka na" o "Wala kang silbi", ang pagtaboy o hindi pagpansin sa anak, at ang paghahambing sa ibang kapatid nito.

P26

Paghayag ng Saloobin ng mga Bata

Sinisimulan nang baguhin ng mga hangarin at sigasig ng mga bata ang buong mundo.

Ipinangako ng may 400 na mga batang nagtipon-tipon sa United Nations Special Session on Children bilang mga kinatawan mula sa iba't-ibang panig ng mundo na:

"Nagkakaisa kaming lumaban upang gawing mas mabuting lugar ang buong mundo para sa lahat ng mga tao."

13-taong gulang si Yvonne, kinatawan ng Aprika.

Nagsisikap siya upang suportahan ang edukasyon ng mga batang lansangan sa Kenya.

"Sana ang mundo ay maging isang lugar na kinikilala ang mga bata."

Ang taga-Canada na si Craig ay napako ang tingin sa nakitang headline sa diyaryo:

"Batang Nanawagan Laban sa Child Labor, Pinatay"

Kinabukasan pagpasok sa paaralan, tinawag ang kanyang mga kaklase:

"Sa palagay ko, ang mga batang tulad natin ay dapat tumulong sa mga batang nangangailangan."

Nagtayo sila ng isang NGO na pinapatakbo ng mga bata, at sa kasalukuyan ay may mga sangay sa mahigit 45 na mga bansa sa buong mundo.

Salaysay pa ni Craig,

"Ang boses na nagsasabing kumilos ako ang nagtutulak sa akin upang magpatuloy."

"Ang pagbabago ay nagsisimula sa bawat

isa sa atin."

"Nasa atin ang kapangyarihan upang gumawa ng pagbabago."

Ito ang nararamdaman ng mga bata.

<Paglahok ng mga Bata at Karapatan sa Pagpapahayag>

Noong 1989, bumuo ang United Nations ng "Kombensyon tungkol sa mga Karapatan ng Bata" (Convention on the Rights of the Child). Ayon dito, may karapatan ang mga bata na malayang ipahayag ang kanilang saloobin at hangarin habang sila'y lumalaki." Ang mga nakakatanda ay dapat pakinggang mabuti ang mga hangarin at mga opinyon ng bata. Kumakalat sa buong mundo ang kamalayan na pinakamahalagang paraan upang pangalagaan ang mga karapatan ng bata ay sa pamamagitan ng partisipasyon ng mga bata. Upang bigyan ng pagkakataon ang mga bata na ipahayag ang kanilang mga saloobin sa pambansang lebel, tinataguyod ang mga kapulungan ng mga bata sa Europa, Afghanistan, Jordan, Thailand, at iba pang mga bansa sa buong mundo. Tumataas din ang bilang ng mga NGO na kumikilos kasama ang mga bata.

P31

Eksibit Tungkol sa Diskriminasyon

Makikita rito ang nilagdaang kopya ng unang edisyon ng aklat na "Optimism", ang kauna-unahang akda ni Helen Keller, isang Amerikana na kilala dahil nadaig niya ang sariling kapansanan (hindi siya nakakakita at nakakarinig). Ang kaniyang lagda ay nasa magandang sulat na hindi dikit-dikit (block letters). Sinulat niya ang aklat na ito noong siya ay nasa unibersidad, at nakatanggap siya ng dalawang digri o titulo mula sa mga unibersidad sa Amerika at Inglatera dahil sa kanyang mga ideyang puno ng pag-asa at liwanag.

Mayroon ding koleksyon ng mga likha ng mga nangungunang mga kontemporaryong artist.

Ipinahiwatig ni Mieko Chikappu, isang artist ng mga kontemporaryong burda ng mga Ainu (mga katutubo ng Hapon), ang mga bulaklak at mga linya, pati na rin ang ganda ng kalikasan sa pamamagitan ng mga matitingkad subalit malamig sa mata na mga kulay.

Matutunghayan din ang mga nakakataba ng

puso na mga larawan ng mga hayop na iginuhit ni Emu Namae, isang bulag na illustrator. Nagpapasigla ng katawan at puso, ang "Ippon no Nagai Mafuraa"(Isang Mahabang Balabal) ay naglalarawan ng isang aso, pusa, daga, at iba pang mga hayop na naghahati sa paggamit ng mahabang balabal. Nilalarawan naman ng "Starlight Home" ang isang balyenang may pakpak sa likod na lumilipad sa kalangitang puno ng mga bituin. Magiging kalmado at mas mabait ang mga bisitang makakakita ng mga likha ni Namae.

Ang magpapalayok na si Sabuli ang kauna-unahang mamamayan ng Iran na nag-aral sa Tokyo National University of Fine Arts and Music. Umaani ng papuri sa ibang bansa ang mga likha niya, tulad ng mga platong may dekorasyon ng mga disenyong batay sa calligraphy ng Iran (kung saan siya mahusay), mga plorera at mga palamuting nililok ayon sa hugis ng mga hayop.

Si Takuya Sasaki, na itinuturing na isang bahagi lang ng kanyang pagkatao ang autism, ay bumuo ng isang koleksyon ng mga lilok na minsang nagpapakita ng lakas, minsan nama'y nakakatuwa, at minsan ay tila mga dasal.

Iba pang mga bagay na makikita dito ay mga matitingkad at makukulay na mga tela ng Okinawa na kinulayan sa pamamagitan ng Ryukyu Bingata, mga instrumento ng samba at mga larawang pininta ng mga mamamayan ng Brazil na naninirahan sa Hapon, at mga tambol na taiko na gawa sa Naniwa-ku sa Osaka na dating isang pook na Buraku, o lugar ng mga komunidad na dumanas ng matinding diskriminasyon. Maaaring subukan ang mga instrumento.

P32

Diskriminasyon Batay sa Kapanganakan

Para sa tanikala ng kaligayahan:

17-anyos ang dalaga nang hindi sila nakapagpakasal ng lalaking iniibig niya.

Ang lalaking iyon, sa kalaunan, ay nagpakasal sa isang babaeng kapareho niya ng kasta.

Tanging ang anak lamang nilang dalawa ang naiwan sa dalagang ina.

Hindi maaaring gamitin ng bata ang pangalan ng sariling ama, isa siyang anak na walang karapatan bilang mamamayan.

Ang dalagang ina ay isang "badi",

pagbebenta ng katawan ang trabaho niya. Nakagapos sa katayuang itinakda ng lipunan, Walang ibang hanapbuhay para sa kanya.. Subalit sa tulong ng NGO, nakapagbukas siya ng sariling tindahan.

Ngayo'y isa nang dalaga ang kanyang anak, sabi nito :

“Kapag nakatapos ako ng hayskul, balak kong tumira kasama ng aking ina.

Marami siyang paghihirap na dinanas sa buhay.

Paglaki ko, gusto kong maging nars upang makatulong sa mga tao.

At gusto kong tulungan ang aking ina.”

Salaysay ng ina :

“Para sa aming mga badi, mahalaga ang kakahayan, ang pagkakataong magtrabaho, at ang dangal bilang tao. ”

Ang tunay na lipunan ay iyon lamang lipunan kung saan pantay-pantay ang pagtanggap sa bawat isa.

Magpapatuloy ang pakikipaglaban ng mag-ina.

< Diskriminasyon Batay sa Kapanganakan >

May dalawang uri ng diskriminasyon batay sa kapanganakan : ang *racial discrimination*, o diskriminasyon batay sa lahi o kulay ng balat ng isang tao, at ang *caste discrimination*, o diskriminasyon batay sa kasta, yaong batay sa istruktura ng lipunan, kung saan ang hanapbuhay at katayuan ng isang tao ay itinatakda ng kanyang kapanganakan. Mayroon pa ring diskriminasyon batay sa kasta, lalo na sa India, Nepal, iba pang mga bansa sa Asya, Aprika at pati na rin sa Hapon --- ang diskriminasyong “buraku”. May 250 milyong tao sa buong mundo ang dumaranas ng ganitong uri ng diskriminasyon. Makikita ito sa pakikisalamuha sa mga tao, paggamit ng mga pampublikong pasilidad, edukasyon, at pati na rin ang pagbibigay ng mga *relief goods* sa panahon ng kalamidad. Dahil sa maling paniniwala na ang pagiging “marungis” ay nakakahawa, kinamumuhian ang pag-aasawa ng mga tao na nasa magkaibang kasta, at minsa’y humahantong sa pagpatay ng mga taong lumalabag dito. Dagdag dito, may mga tao na habang-buhay na nagiging alipin upang mabayaran ang kanilang mga utang.

P33

Ang mga Katutubo

Dito isinilang ang lahat ng mga alamat!

Noong panahong wala pang mga hangganan sa mundo,

Payapang nabuhay ang mga tao kasama ng araw, kagubatan, at mga ilog.

Sa isang mundo kung saan binabalot ng salitang “buhay” ang lahat,

Sa kalikasan kumuha ang mga tao ng “lakas para mabuhay”.

Oo, ang “lakas para mabuhay” na nasa loob nating lahat ay

Taglay ng lahat ng mga nabubuhay as mundong ito.

Hindi mo ba nalimutan?

Ang mundo ay isang isla na kung tawagin ay “hiwaga”:

Ang mga tao na nakatira sa mga islang matatagpuan sa asul na Karagatang Pasipiko ay

Naglalayag ng mahigit sa 500 kilometro nang walang mga mapa at kompas.

Ang mga Inuit, na nakatira sa ilalim ng *aurora* na may pitong kulay ay

Nakakaguhit ng mga wastong mapa batay lamang sa kanilang alaala.

Ang mga katutubo ng Amazon, na nabubuhay kasama ng halos lahat ng mga nilalang sa buong mundo, sa loob ng kagubatang bumubuo sa may higit sa kalahati ng kabuuang kagubatan sa buong mundo ay

May kakayahang gumamit ng 6500 uri ng mga halaman bilang gamot.

May mga tao pa rin sa kasalukuyan ang hindi nakakalimot sa mga mahahalagang bagay.

May mga tao na nakikipaglaban upang mapangalagaan ang mga mahahalagang bagay na ito.

“ Sa ating wika, ang “mabuhay” ay pareho sa “paghinga”.

Ang buong daigdig ay humihinga.

Kabahagi tayo ng paghinga ng buong daigdig. ”

< Nanirahan Sila Bago pa man Nabuo ang mga Bansa >

Ang mga katutubo o *aborigine* ay mga taong nanirahan sa ilang mga rehiyon bago pa man lumitaw ang mga bansa dito.

Namuhay sila kaisa ng kalikasan, at kamangha-mangha ang kanilang pagkakaiba. Kung pagbabatayan ang pagkakaiba sa wikat at kultura, pati na rin ang mga rehiyon kung saan sila tumira, sinasabing may limang libong grupo ng mga ito --- 370 milyong katutubo sa 70 bansa sa buong mundo.

< Tungo sa Katuparan ng mga Karapatan ng mga Katutubo >

Sa kasalukuyan, nakikibaka ang mga katutubo sa buong mundo para pangalagaan ang kanilang mga karapatan, sa *United Nations* at iba pang mga pandaigdigang lipunan. Ang mga pinsalang nagawa sa mga katutubo ay unti-unting kinikilala ng iba’t ibang lipunan sa buong mundo, at noong 1995, isinulat ang isang draft ng pagpapahayag tungkol sa mga karapatan ng mga katutubo. Idineklara ang dekadang 2005-2014 bilang *Second International Decade of the World’s Indigenous Peoples*, at tungo sa pagsasatupad ng binuong draft ng kasunduan para sa mga karapatan ng mga katutubo, patuloy ang mga debate sa pagitan ng mga katutubo at kinatawan ng mga mananakop na bansa.

< Ang Karaniwang Problema >

May karaniwang problema ang mga katutubo. Sinasalakay sila at kinukuha ang kanilang mga lupain ng mga namumunong bansa upang sila ang makinabang dito. Sa ilang mga pagkakataon, puwersahan ang pagkuha ng mga lupain mula sa mga katutubo. Para sa mga kanila, itinuturing na mahalagang pamana ang lupain, na ipinapasa mula sa kanilang mga ninuno sa mga susunod na henerasyon. At mahalaga ang kanilang mga angking lupa dahil makabuluhan ito para sa kanilang mga paniniwala sa relihiyon, mitolohiya, mga rituwal, wika, at iba pang bahagi ng lipunan ng tao. Kapag sinasamsam ang kanilang mga lupain, hindi lamang sila nawawalan ng tahanan --- nawawala din ang kanilang pinanggalingan bilang lahi, at unti-unti silang nagiging bahagi ng lipunan ng mga nanakop sa kanila.

< Isang Bansang Maraming Grupong Etniko --- Hapon >

Naninirahan ang mga Ainu at mga tao ng Okinawa (Ryukyu) sa bansang Hapon. Karamihan sa mga Ainu ay nakatira sa Hokkaido. Kahit sa kasalukuyan, mayroon pa ring mga Ainu ang dumaranas ng diskriminasyon dahil sa kanilang bukas na pag-amin tungkol sa kanilang pinagmulan.

Sa kabilang dulo naman ng bansang Hapon, simula nang sakupin ng angkan ng mga Satsuma ang Ryukyu noong ika-17 siglo, ipinagbawal na ang paggamit ng wikang Ryukyu sa mga paaralan. Noong panahon ng digmaan, ang Okinawa lamang ang tanging lugar sa buong bansa kung saan naganap ang mga labanan, at ang mga tao na nagsasalita ng wikang Ryukyu ay itinuring na mga espiya, at sila'y lubos na pinahirapan at pinagpapapatay ng mga hukbong Hapon. Sa ngayon, 75 porsyento ng mga base-militar ng Amerika ay matatagpuan sa Okinawa, at ang mga residente doon ay humaharap sa maraming problema tulad ng pagkawasak ng kanilang kapaligiran at *noise pollution*.

P34 Mga Dayuhan

Isang batang babaeng ipinanganak sa Brazil ay Dumating sa bansang Hapon --- ang bayan ng kaniyang mga magulang. Sinabi sa kaniyang hindi siya makakapasok sa hayskul dahil wala siya sa wastong gulang. Hindi siya nakakaintindi ng wikang Hapon, at nagdurusa siya araw-araw. Nagsimula siyang sumali sa mga gawaing boluntaryo kasama ng isang mabait na kaibigang Hapones, At isang araw, pagkaraan ng anim na buwan, nakakaintindi na siya ng wikang Hapon. Nagtrabaho siya bilang interpreter sa isang kompanya sa Hapon. Matapos ang apat na taon, naging maunawain ang kaniyang boss sa mga taga-Brazil na naninirahan dito. "Nais kong gawin itong isang lugar kung saan ang mga tao mula sa iba't ibang bansa ay maaaring manirahan dito nang maluwa." Patuloy na lumalawak ang kanyang pangarap.

"May natutunan akong isa pang bagong *kanji* ngayong araw," sabi ng isang batang lalaki, tuwang-tuwa sa sarili. Nagsisikap siyang mag-aral ng wikang Hapon upang tulungan ang kanyang ina, na hindi masyadong makaintindi ng wikang ito. Nanggaling sa Thailand ang kanyang mga magulang, at nagpakasal sa bansang Hapon. Subali't ang kanyang ama ay pinauwi sa Thailand, at naiwan dito ang mag-ina. Sa pamamagitan ng tulong ng mga

boluntaryo, nakapasok siya sa elementarya, at Araw-araw niyang binabasahan ang kanyang ina mula sa mga librong Hapon.

Bilang isang residenteng Koreyano, may isang babaeng nag-aaral sa isang unibersidad sa Hapon. Noong siya'y nasa *junior high school*, nag-alab ang kanyang galit nang malaman niya ang mga kalupitang inabot ng mga Koreyano sa kamay ng mga Hapones. Subali't naakit siya sa *motto* ng kanyang pamantasan, "Tanggulan ng Kapayapaan", kaya nagpasya siyang pumasok dito. Ngunit sa kabilang banda, nagduda siya kung hindi ba isang pagtataksil ang kanyang pakikiisa dito. Sa panahong iyon, hinimok siya ng isang guro na tunay niyang ginagalang: "Ang mahalaga ay isipin mo kung paano ka mabubuhay upang gawing masayang lugar ang mundo para sa lahat ng tao." Nagpasiya siya: Dito sa lupang ito namulat ang aking mga mata bilang isang tao. Ang tinitingala kong langit dito ay kadugtong ng langit sa aking ginigiliw na bayang sinilangan. Pinagpasiyahan niyang taas-noo siyang haharap sa bawat araw.

< Mga Bagong-Dating >

Sa kasalukuyan, may naninirahan sa bansang Hapon na 1,970,000 na mga dayuhan mula sa 188 mga bansa. Maliban sa mga residenteng Koreyano, ang mga dayuhang ito ay binansagang mga "bagong-dating". Sapagkat walang batas na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga dayuhan, dumaranas ng diskriminasyon ang mga migranteng manggagawa at ang kanilang mga pamilya. Sapagkat nagiging hadlang ang wika, nahihirapang makapag-aral dito ang kanilang mga anak. Mas matindi ang dinaranas na hayagang diskriminasyon ng mga ilegal na manggagawa, sapagkat madalas silang nakakaranas ng berbal na pang-aabuso, hindi makatarungang pagkatanggal sa trabaho, at hindi pagbabayad ng mga utang sa kanila.

< Mga Residenteng Koreyano (Hilaga at Timog Korea) >

May tinatayang 600 libong mga residenteng Koreyano sa bansang Hapon. Nagsimula noong 1910, nang sakupin ng hukbong Hapon ang peninsula ng Korea, at nang matapos ang digmaan noong 1945, ang mga Koreyanong ito ay dumating sa bansang Hapon upang maghanap ng

trabaho, samantalang ang iba naman ay dinala dito nang sapilitan at pinagtrabaho sa mga pagawaan ng mga armas at ang iba nama'y bilang mga *comfort women*. Tinawag ding mga residenteng Koreyano ang mga inapo ng unang henerasyong ito. Karamihan sa kanila ay ipinanganak sa Hapon, dito na lumaki, at nagsasalita ng wikang Hapon. May humigit-kumulang sa 90 porsyento mga residenteng Koreyanong ito ang may mga pangalang Hapon, dulot ng patakaran noon ng pagbibigay ng mga pangalang Hapon sa mga kolonya. Hanggang ngayon ay marami pa rin ang sumusunod sa patakaran ito dahil sa takot na baka sila ay dumanas ng diskriminasyon sa oras na gamitin nila ang kanilang mga tunay na pangalan. Dagdag dito, nang matapos ang Ikalawang Digmaang-Pandaigdig, dahil nawala ang kanilang *Japanese citizenship* (pagkamamamayan ng Hapon), at itinuring sila bilang mga dayuhan, sumailalim sila sa sapilitang *fingerprinting* (pagkuha ng bakas ng dulo ng mga daliri) at iba pang mga pagbabawal na may kinalaman sa kanilang mga pensiyon, edukasyon, trabaho, at karapatang bumoto. Ilan sa mga pagbabawal na ito ay nananatili hanggang ngayon.

P35 Mga may kapansanan

Lumilipad ng mataas ang puso

Nabuhay sila sa tulong ng iba't-ibang lakas na nagmumula sa kanilang kaloob-looban. Di man lang makalakad, makakain o makapalakpak, at kung minsan ang hirap ding ngumiti. Hindi madaling sabihing "bahala na" Kaya sila'y napakahalaga

"Hindi mahina ang mga may kapansanan. Malakas sila!" Nakakapagbigay lakas loob ang mga salitang ito. Dahil sa hindi ako makarinig, ilang beses nang hindi ako natanggap sa trabaho "Kahit anong mangyari, huwag kang mawalan ng pag-asa!" Dahil sa pagbibigay lakas-loob ni itay, nakahanap ako ng trabaho sa pang 48 kumpanyang inaplayan ko.

Nagkapolyo ako noong maliit ako, naipanganak na may kapansanan. Hindi ko alam ang ibig sabihin ng mabuhay

Noong 27anyos ako, nabuhay ulit ako sa salita ng ginagalang kong guro
“May misyon kang lampasan mo ang pag-hihirap at bigyan ng lakas ang mga katulad mo”
Naisip ko mula sa kaloob-looban ng puso ko, “Kayamanan ko ang katawan ko!”

Mababa ang tingin sa akin at sinasabihan na “mga mahihinang tao lang ang nagkakasakit sa ulo
Hindi ako makatulong dahil sa takot sa boses na ako lang ang nakakarinig “Lahat man ng tao sa mundo ay maging kaaway mo, kakampi mo pa rin ako”
Parang ilaw na tumutusok sa kadiliman Mabigat man ang mga habag ko, walang katumbas ang layo na nilakad ko

<Tanggalin ang prejudis>

Dahil sa kapansanan, hindi magawa ng isang tao ang gusto niyang gawin. Halimbawa, nahihirapan siyang gumalaw, mag-aral, maghanap ng matitirhan at mapapagtrabuhan, pagkakaiba ng suweldo sa ibang tao, pagkukulang sa mga importanteng impormasyon sa pang-araw-araw, pag-iisa at pang-aapi sa institusyon, diskriminasyon sa relasyon sa iba’t-ibang tao, sa pag-ibig, sa kasal at kung anu-ano pa. Ang mga problemang ito ay malulunas lang kung may tulong ng ibang tao at matatanggap nila ang mga may kapansanan. Pero hindi pa rin nababago ang paniningin ng mga tao sa may kapansanan.

< Pareho rin ang problema ng mga matatanda >

Ngayon, sa Hapon, ang mga taong lampas ng 65 taon ay umaabot na sa 25,660,000 o 20% ng buong populasyon. Pagkaabot sa taon na nagretiro na, kahit na may karanasan at karunungan at galing ay pinipigilan magtrabaho ulit ang mga matatanda dahil lang sa kanilang edad at nawawalan na sila ng rason para mabuhay. Sa pagtanda rin, bumibigat ang katawan at nagkakaroon ng panibagong kapansanan at karamihan sa mga problema nila ay kapareho ng sa mga may kapansanan. Lalo na sa nakukuha nilang trato sa institusyon na tumuturing rin sa mga matatanda na parang mga batang hindi kailangan, ginagapos, inaapi at sinasaktan nang mental at pisikal.

P36
Ang di nakararaming sekswalidad

Ang kaligayahana na mabuhay para sa sarili

Hindi ko na kaya
Ang mabuhay sa pagkukunwari
Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ng iba
Pero, naisip ko nang lumabas
Gusto ko nang maging malaya, sa katawan at isip. Yun ang aking damdamin

“Lalaki ang gusto ko”
“Ang katawan ko ay lalaki, pero ang puso ko ay babae”
“Wala akong pagnanasang sekswal, ni damdaming romantiko
“Hanggang umabot ako ng 30, ang akala ko babae ang katawan ko. Pero, naging lalaki ito.

Mag-isa kong inilabas na dahan-dahan ang sarili ko
Sa pagtanggap ng bawat balot ng aking puso, nabubuhay ang totoong sarili ko.

Ito ang sabi ng mga hindi nahihyang magsalita
“Ipinanganak akong babae, pero sa totoo lang, lalaki ako.
Noong natanggap ko ito, noong nasabi ko ito sa mga tao sa paligid ko
Mas naisip kong mabuhay
Ang mabuhay na isang tao, bago mabuhay na isang lalaki o babae.”
Napakaganda at napakisig ng anyo na yon.

Bigyan mo ng halaga ang sarili mo at saka lang puwede mong bigyan ng halaga ang ibang tao,
Tanggapin mo na naiiba ka at saka mo lang marerespeto ang kaibahan ng iba.

Kapansin-pansin din ang mga taong pumapalalpak at tumatanggap sa kaniya.

< Homoseksual na pagmamahal • Direksyon na sekswal >
Ang tawag sa pagkakaroon ng sekswal na pagnanasa ng isang lalaki sa lalaki, o babae sa babae ay homoseksual na pagmamahal. Ang pagmamahal ng lalaki sa babae, o babae sa lalaki, heteroseksual na pagmamahal. Ang pagmamahal naman ng isang tao sa lalaki at babae naman ay baiseksual na pagmamahal. Ang direksyon na ito ay seksual na direksyon at hindi ito mababago, kahit pilitin natin o tulungan man tayo ng iba. Ang sabi ng WHO, ang homoseksual na pagmamahal ay hindi mo masasabing kapansanan.”

<Gender Identity Disorder>

Ang Gender Identity Disorder ay kung lalaki ka pero ang puso mo ay babae o babae ka at ang puso mo ay lalaki. Walang koneksyon ang Gender Identity Disorder sa homoseksualidad. Halimbawa, isang babaeng may Gender Identity Disorder ay puwedeng magmahal ng lalaki. Heteroseksual na pagmamahal ito. Noong 2004, sa Hapon, nilabas ang batas tungkol sa pagtrato sa mga may Gender Identity Disorder. Puwedeng baguhin sa ospital ang rehistro ng isang tao na nagpa-opera (sex change) kung lampas na siya ng 20 anyos, hindi kasal at walang anak.

P41
Mga display ng kornier ng Structural Violence

Mga maynika ng elepante, giraffe, rhinoceros ng Ruwanda, Aprika, na gawa sa balat ng saging. Sa Ruwanda, hindi ka mabubuhay na walang saging. Ang saging ang pagkaing pang-araw-araw at ang dagta at dahon ay ginagamit sa pag-gawa ng leaf card, bag, coaster, wallet, maynika, tsinelas at kung anu-ano pa. Binebenta itong mga craft sa palengke at ito ang bumubuhay sa kanila.

Sapin ng mesa na gawa ng mga babaeng may AIDS, katulong ang isang pribadong organisasyon na tumutulong sa mga taong may AIDS at sa mga naiwang anak ng mga namatay dahil sa AIDS sa Sentral Aprika. Ang mga bata at babae ay tinuturuan na magtahi at kung anu-anong iskil na pangakabuhayan para magkaroon sila ng kakayahan na buhayin ang sarili nila.

At ang iba, isang larawan na may salita ng kanta na nagtatanong kung ano ang ibig sabihin ng buhay para sa isang nasa kalye; “Hindi malayo ang tag-sibol” gawa ng isang kaligrapo na nagtangkang magpakamatay, pero nagkaroon ng lakas na mabuhay ulit, at iba pang mga gawa ng mga tao na natagpuan ang ligaya ng mabuhay at mga gawang mararamdaman mo ang kabaitan ng tao.

P42
Paghihirap
Hanapin ang kayamanan

“Ang imposible ay imposible kung

naniniwala ka ngang imposible ito”
Isang bata lang ang nagsimula
Mga buto’t balat na kaibigan mong
nawawalang na ng malay, mga batang
walang kabuhay-buhay ang mga mukha
Wala sa kanila ang nawalan ng pag-asa at
nagsabing “Wala nang magagawa”
Di nagtagal, dahil sa magandang ani,
maraming nakaligtas sa pagkagutom
Ang tawag kay Swaminathan ng mundo ay
ang ama ng “rebulusyong berde” ng India.

May isang babae mula sa Kenya na
nakipaglaban sa kahirapan at sa
kakulangan ng pagkain.
Nagtanim siya ng mga batang puno at
nagsimula ng isang kilusan para sa
pagtanim ng puno.

May nagmamaliit na tao na nagsasabing
walang magagawa ang isang babae.
Subalit maraming sumamang babae
pagkatapos noon.

Sa bawat batang puno na naitanim nila, lalo
silang nagkaroon ng tapang at lakas para
mabuhay.

Kumakalat sa buong Aprika ang mga
batang puno na itanim nina Gng.
Maathai.

“Labanan ang paghihirap na nagpapahirap
sa milyon-milyong tao, kasama na ang
pamilya ko”

Yon ang sinumpa ng isang nag-aksyon na
15 anyos na bata mula Senegal.

Bilang isang miyembro ng isang
komunidad na lublob sa kahirapan,
Sumama siya sa miting ng U.N. para
ipaalam ang kahabag-habag na sitwasyon
ng mga naghihirap

At manawagan sa mga bata para
makipaglaban sa kahirapan
Nagsisimula pa lang ang paglalaban ni
Malal

Sabi ni Gng. Maathai,
“Kapag pinagsilbihan mo ang ibang tao,
babalik ang walang kapalit na biyaya.”
Ang kayamanan ay nasa puso ng mga
taong hindi nawawalan ng pag-asa.

< Ano ang pagkagutom at lubos na
kahirapan? >

Ang pagkamatay sa pagkagutom ay dahil
sa kulang na nutrisyon dahil sa kulang ang
pagkain. Ang lubos na paghihirap ay
hindi lang kakulangan ng pagkain, kundi
edukasyon, trabaho, gamut, tubig, enerhiya,
at kung anu-ano pa na kailangan ng tao
para mabuhay.

< Dahilan >

May mga namamatay sa gutom dahil sa
mga natural na kalamidad, pagkalat ng
paghihirap, kakulangan ng ani at kung
anu-ano pa. Ang lubos na kahirapan
naman ay dahil sa panahon, geograpiya, at
mabagal na pag-unlad ng ekonomiya.
Nagpapaikot-ikot lang ang situwasyon
dahil sa mga pag-aaway, ang di maayos na
takbo nga institusyon ng gobyerno, at ang
kaunting pagtatayo ng mga gusali.

< Di pagkakaiparehas sa mundo >

Sa totoo lang, may pagkain sa buong
mundo para sa bawat isang tao. Ang
problema lang, hindi pantay ang sistema ng
paghati-hati nito at may mga taong hindi
masyadong nakakatanggap nito. Hindi
lang pagkain, kundi tubig, enerhiya, at
gamot rin. May mahirap sa mayayamang
bansa, at may mayaman din sa mahihirap
na bansa.

< Ang aksyon ng internasyonal na
komunidad >

Ang isang layunin ng Millennium
Development na pinagkaisahan noong UN
Millennium Summit sa 2000 ay ang
pababain ng kalahati ang mga taong
tumatanggap ng isang dolyar sa isang araw,
bago umabot ang 2015.

P43

Ang data ng paghihirap sa mundo

Sa bawat 5 segundo, may isang batang
namamatay sa gutom.

Bawat taon, may namamatay na 2,300,000
tao mula sa sakit na puwede naman
bakunahan.

Malaki ang pinsala ng pag-iinit ng mundo
at natural na kalamidad sa mga mahihirap
na lugar.

< Ang mga tao sa mundo na naghihirap sa
pagkagutom at lubos na kahirapan >

Mula 1990~2001, bumaba ang numero ng
mga mahihirap sa Asya mula 936 milyong
sa 703 milyong tao. Pero sa Aprika,
baligtad ang pangyayari. Mula 227
milyon, naging 313 milyon ang mga
mahihirap. At dumadami rin ang mga
namamatay sa gutom, sa Asya at sa Aprika.

< Pagkakaiba ng ekonomiya >

Maging isang bansa o isang indibidwal,
kakaunti lang ang may pagkarami-rami.
84% ng gastusin sa mundo ay pag-aari ng
20% ng pinakamayamang tao. Ang
gastusin naman ng 20% ng pinakamahirap
na tao ay 1.4% lang.

< Hindi pantay pantay na Pangangalakal >

Ang mga umuunlad na bansa ay
unti-unting nababawasan ang kahirapan
dahil sa kanilang bukas na polisiyang
ekonomika sa internasyonal na komunidad.
Pero ang mga mauunlad na bansa ay
naglalagay ng matataas na buwis sa mga
produktong agrikultura ng umuunlad na
mga bansa. Malaki ang nawawala sa mga
umuunlad na bansa dahil dito.

< Edukasyon sa mga bansang umuunlad >

Kalimitan, ang edukasyon sa mga bansang
umuunlad ay hindi katulad ng edukasyon
sa bansang mauunlad na edukasyon para
gawing matalino ang mga bata, kundi
edukasyon para lang magkaroon ng sapat
na kaalaman para mabuhay. Halimbawa,
ang pagtuturo na magkakasakit ka kung
kakain ka na madumi ang kamay o maligo
sa maduming ilog o dagat, o di kaya, ang
pagtanim o ang tamang paraan na
pagkuha ng tamang nutrisyon.

P44

HIV/AIDS

Isang napakagandang pagsasama ay
lumalaban pa rin ngayon

Naglalaban ang mabuti at masama sa loob
ko

Ang dugo ko ay walang tigil sa pagdaloy at
sumisigaw na “Mabuhay ka!”

Kaya hindi dapat ako matalo ng takot

Hindi ako dapat manahimik

Sa pag-gamot ng bayrus, puwedeng
bumalik ang buhay ko sa normal

Nawala ang lahat nang isang iglap

Ang nakakatakot ay ang masamang
pagtingin ng mga tao sa sakit na ito

Madaling matatakan ng marka ng demonyo

“Labanan mo ang HIV/AIDS. Labanan
mo ang di nakikitang kasamaan

Nagsama ang mabuting espirito

“Lumaban tayo” “Huwag kang mag-alala,
hindi ka nag-iisa!”

Marami nang network ng mga may HIV
ang kumalat sa buong mundo.

Nakakagulat na hindi naging hadlang ang
bansang pinanggalingan, ang kultura,
relihiyon o lenggwahe

Ang matatag na pagkakaisa at
pakikipagkaibigan ang nagbibigay ulit ng
buhay sa bawat isa.

Nagbago mula sa isang tao na naghihintay
lang ng kanyang kapalaran

Sa isang lider na nagbibigay pag-asa at nakakaintindi ng mga paghihirap at sakit.

Ito ang sabi ni Nasreen mula sa Bangladesh “Puwedeng mawala ang pagmamaliit at pagdiskriminasyon sa mga may HIV kung magsama-sama tayo at iparinig ang mga boses natin sa mga tao.

Isang napakagandang pagsasama na nakikipaglaban sa bayrus, sa panliliit at diskriminasyon

At nakikipaglaban para magkaroon ng pag-asa.

< Ang pagkahirap at diskriminasyon ang nagpapalawak ng HIV >

May higit na 39,400,000 tao ang may HIV. Lumalampas ng 30,000,000 tao ang namatay na at mas malaki pa ito sa pinagsama-samang namatay sa giyera itong nakaraang 20 taon. Ang pinakaraming kaso ay sa Timog ng Aprika, pero lumalala na rin ang sitwasyon sa mga bansa sa Asya. Bumababa ang numero sa mga umuunlad na bansa, maliban sa Hapon na dumadami. Ang pagdami ng mga taong may AIDS ay dahil sa malawak na paghihirap, ang mabagal na pagsagawa ng polisiya sa mga rehiyon o bansa dahil sa pagdami ng tao, pagmamaliit at diskriminasyon dahil sa kakulangan ng impormasyon atbp.

May gamot na naimbento na kahit naimpektuhan ka ng HIV, mapapahaba ang panahon bago lumabas ang mga simptomang. Pero malayo pa bago ito magagamit ng lahat. Marami sa mga may HIV ay hindi makakuha ng medikal na atensyon, hindi makahanap ng trabaho o edukasyon at nawawalan ng oportunidad na makihalubilo sa ibang tao. Dahil sa natatakot na itikwal ng sariling pamilya o layuan ng mga tao, may mga taong hindi nagsasabing may AIDS sila kahit alam na nilang meron sila.

< Ano ang “Paglabas ng Simptomang?” >

Hindi mo malalaman kaagad kung nahawaan ka ng HIV. Paiba-iba sa tao. Pagkatapos mong maimpektuhan, lumalabas ang simptomang pagkatapos ng 10 taon, at kung minsan umaabot ng 20 taon. Ang HIV ay nakukuha lang lipatan ka ng dugong may HIV, may HIV ang nanay mo, sa pagtatalik, ang paggamit ng inyeksyon na ginamit ng isang may HIV. Napagalaman na na hindi ka basta-basta maiimpeksyunan liban lang kung magkakamali ang doktor o nars na gumamit ng inyeksyon na ginamit sa may HIV.

P45
Sakit at karamdaman

Ang lahat ay “Biyaya para mabuhay”

Noong 1931, sa isang baryo, sunud-sunod ang mga taong nagkakasakit na may mataas na lagnat.

Noong sumunod na araw, yung mga nagkalagnat ay biglang nawala sa bahay.

Ang batang nangangarap na maging isang manlalaro ng beysbol, ang babaing gusting mamuhay sa siyudad

Walang sabing nawala at hindi na bumalik.

Ang pangalan ng sakit ay leprosi. Noon araw, kinakatakutan ito sa buong Hapon.

Hindi alam ng tao, hindi, hindi ipinaalam sa mga tao

Na ang leprosy ay isang sakit na hindi madaling lumipat at puwedeng mawala nang natural

Na tinatawag ang leprosi na “sakit ng mahihirap” at sinasabing hindi ka maiimpeksyunan kung malakas ang katawan mo.

Para maibalik ang kanilang mga dignidad bilang tao,

Nagsama-sama ang mga may leprosi Napakatagal ng laban. Pero hindi sila nawalan ng pag-asa.

Noong 2001, inamin din ng bansa na sila ay nagkamali

Nagwagi sila. Ngayon ang susunod na laban

Makikita mo silang lumalaban pa dahil hindi pa sapat ang kanilang pagwawagi.

Ang sabi ng mga kagalang-galang na tao

“Ang natitirang sakit sa mga paa at kamay namin ay pagpapatunay sa aming paghihirap para mabuhay.

Ipinagmamalaki ko ang aking walang silbing kamay at paa at katawan at hindi ko ito ikinahihiya

May maganda at masamang parte ang tao.

Ang lahat noon ay biyaya para mabuhay”

“Ang lahat ng nasa sa iyo ay iyong biyaya para mabuhay”

Yon ang mensahe ng ika-21 siglo sa mga bata

< Ang sakit na nakukuha mula sa structural violence >

Ang mga halimbawa ng mga sakit na makukuha ngayon ng mga tao dahil sa istruktura ng lipunan ay yung mga sakit na nakukuha dahil sa polusyon at bayrus, at sakit na nakukuha dahil sa istres sa bahay o sa trabaho tulad ng emotional depression.

< May iba pang diskriminasyon ng panlabas >

May mga tao na dahil sa genes, sa sakit o aksidente, mayroon silang kakaibang mukha. Sila ang tinatawag na “unique face”. May problema man o wala sa kanilang kakayahan, nahihirapan din silang mabuhay ng normal. Nahihirapan din silang maghanap ng trabaho, ng pag-ibig, nahihirapang magpakasal at palaging inaapi sa eskwela. Kung makakasalubong, sasabihan ng “ang dumi mo” o “kadiri” at kung minsan ay dinuduraan.

< Isang halimbawa ng na-baliwala ang karapatang pantao, ang sakit sa Minamata >

Noong 1956, sa lungsod ng Minamata sa Kumamoto sa Hapon, may isang di malamang sakit ang nadisukubre. Nalaman na ang dahilan ay sa tubig na tinatapon ng isang pagawaan na naglalaman ng merkuryo. Nagtanga-tangahan ang kumpanya at wala silang ginawa kaya dumami ang nagkasakit. Lumaban nang pagkatagal sa korte ang mga mamayang nagkasakit sa korteng lokal na umabot sa korteng nasyonal. Nanalo din ang mga biktima noong 2004 sa korte sa Kansai. At napagalaman na hindi lang ang kumpanya ang may kasalanan kundi ang gobyerno rin.

P46

Walang tirahan

Ang mabuhay para sa iba

Hindi ko makakalimutan ang mga nagkikislapang itim na mata

Mga kamay na nangapal sa haba ng taon ay maiitim dahil bilad sila sa araw

Gaano kaya karaming likod ng tao ang nahaplos ng kamay na yan

At saka palagi nakangiti ang kaniyang kulubuting mukha

Na nagpapahiwatig ng maraming bagay na kaniyang naranasan sa buhay

“Isa-isang kilalanin ang tao. Sa palagay ko, ito talaga ang pag-aaral. Ang mabuhay para sa ibang tao. Walang mas makapagbigay ng karamdaman na lubos ang buhay mo.”

May mga 3,000 libong taong nabubuhay nang walang tirahan ang nakilala daw niya.

Minsan, may nakasama siyang kumain ng mainit na pagkain ang isang matanda.

Noong sumunod na araw, nakita na lang

niya na namatay yung matanda sa lamig. Masama ang loob ko.

“Kahit wala silang tirahan, mga tao pa rin sila. Kung may mabait na tao, may masama rin.

Hindi lang ang panlabas, kundi ang kagandahan ng puso

Mayroong 100 bagay na mas mahalaga pa sa pera”

Palaging may nangyayaring drama ng buhay at kamatayan sa kung saang parte ng syudad.

Dumarating ang di-maipaliwanag na lungkot at takot kapag na-denay ang sariling existensya

“Kalahating taon para sa saikolohikal na pag-aalaga, kalahating taon para sa pag-aalaga sa katawan,, at isang taon para sa trabaho. Kung hindi ko gagawing dalawang taon, baka matagalan pa bago maging independente.”

Bukas ulit, tatabi na naman siguro ako kung kanino sa isang kanto

Umuwi na naman siya sa “bahay” niyang walang adres.

Buhay kalye na naman siya.

< Ang istruktura mula sa pamumuhay sa kalye >

Ang mga “homeless” o mga taong pangkaraniwang tinatawag na namumuhay sa kalye, ay umaabot sa mahigit na 25,000 sa Hapon. Mas marami ang mga lalaki. Kalimitan, ang dahilan kung bakit sila nawawalan ng tirahan ay dahil sa nawalan sila ng trabaho. Noong natapos ang “Bubble economy” maraming nawalan ng trabaho at natuloy na sila sa kalye. Maraming panganiib sa pamumuhay sa kalye. Lalo na kung tag-lamig. Marami ang namamatay sa gutom at lamig.

< Ilawan ang lahat ng nanggaling sa lipunan >

Iisa lang ang batas na tumutulong sa mga walang tirahan na makaahon sa kanilang pamumuhay. Yon ang “Daily Life Security Law”. Sinumang 65 anyos na tao ay puwedeng mag-aplay sa batas na ito, pero marami sa mga walang tirahan ay hindi nakarehistro o nasa edad na pwede pang magtrabaho kaya hindi sa batas na ito. Pero dumadami na ang mga pribadong lugar na nagbibigay ng tulugan, at mga organisasyon na tumutulong sa pag-aayos ng dokumento, pag-hanap ng trabaho at tirahan at nagiging garantyador sa mga

walang tirahan.

P47

Pagpapakamatay

Sa gitna ng kadiliman at liwanag

Meron akong pinipilit na maabot at mahawakan

Pero kahit anong lakas na hawakan o abutin ko ito, nadudulas pa rin ako

Alala, tako, pagka-walang pag-asa, pagkukulang ...at pagkabuhol-buhol ng puso

Wala nang pakialam sa akin ang araw.

“Bakit? Ako?”

Itong mga tanong na ito ay paikot-ikot sa ulo ko.

Palaging nag-iisip

Paano ako mamamatay...

At sa pag-iisip kong iyon, may nalaman akong mga salita:

“Huwag ka munang mamatay

kung kaya mo pang gumawa na kahit isang kabutihan

Tumigil na ngang magbilang

Nang hindi ko na magawa

Nang mga napabayaang napakaraming biyaya

Pagisipan ko na lang na may magagawa pa ko

Yon na lang ang dapat kong isipin

< Ang pagdami ng mga nagpapakamatay >

Sa Hapon, ang dami ng mga nagpapakamatay sa loob ng 7 taon ay 30, 000. Kung isasama mo ang mga nagtangkang magpapakamatay, pero nabuhay, masasabing 5 hanggang 10 beses pa ang dami. Pang sampu sa buong mundo at nangunguna sa mga umuunlad na bansa. Itong mga nakaraang taon, maraming nagpapakamatay na NEET (Not in Education, Employment or Training), freeter, at mga kabataang tinatawag na “parasayt”. Pero ang pinakamaraming taong nagpapakamatay ay ang mga taong may edad na 50 hanggnag 60. Yon ay dahil sa edad na yon sila natanggalan ng trabaho o bumagsak ang kompanya nila dahil sa hirap ng ekonomiya at hindi na nila malaman kung saan na patutungo ang kanilang buhay. Ang problemang ito ay hindi masasabing problema ng isang tao lang, kundi istrukturang problema rin ng lipunan. “ang pagpapakamatay ay hindi galing sa malayang pag-iisip ng tao”.

Maraming doctor ang magsasabi nito. “ang tao ay parating nasa gitna ng linya ng ‘gusto kong mabuhay’ at ‘gusto kong mamatay’ hanggang sa kahuli-hulihan”. Pero ang pagkakatay ay tinuturing ng karamihan na personal na problema, at ang masamang tingin sa pagpapakamatay ay kadugtong din ng diskriminasyon o mababang pagtingin sa nagpapakamatay o sa kaniyang pamilya. Kulang pa rin talaga ang panlipunang, pinansyal at mental na suporta para sa mga naiwan ng nagpapakamatay.

P51

Eksibit Tungkol sa Digmaan

Bagamat ang ama ng kameraman na si Masaru Tanaka ay isang biktima ng pagsabog ng bomba atomika, at ang ama naman ng artist na si Betsie ay may kinalaman sa paggawa ng bomba atomika, ang kontemporaryong sining na nilikha sa pamamagitan ng pagtutulungan nilang dalawa ay tunay na simbolo ng kapayapaan. Ang pamagat na likha nila ay “Sa Iyong mga Kamay”, at nilalarawan nito ang isang kamay na may tangan na *paper crane* (papel na ibon) na tila inaalay sa ibabaw ng submarinong pasisid sa dagat. Ang nasabing submarino ay ang USS Arizona, na kinunan ng litrato ni Tanaka sa Pearl Harbor, at ang kamay at papel na ibon naman ay pininta ni Betsie. Ang modelo para sa ibon ay isang malaking papel na sinulatan nila ng mga mensahe para sa kapayapaan at itinupi ng mga bata mula sa Amerika at Hiroshima. Ang likhang-sining na ito ay kumakatawan sa mga hiling nina Tanaka, Betsie, at mga bata na makamtam ang kapayapaan.

Makikita rin dito ang mga baldosa ng bubong (*roof tiles*) na nasunog at nangitim dahil sa pagsabog na naganap sa Nagasaki, at ang mga babasaging bote na tinunaw ng matinding init na kumalat sa Hiroshima ay nagpapahiwatig ng mapinsalang epekto ng bombang atomiko. Ang *heat flash* ay umabot sa 3000 hanggang 4000 grado, at sa isang saglit ay ginawang parang karagatan ng apoy ang buong lalawigan. Maaaring hawakan ang mga baldosa at mga bote.

Ipinapahiwatig ng mga personal na kagamitan na pagmamay-ari ng mga biktimang nakaligtas sa pagsabog ang kanilang pagkapit sa pag-asa sa kabila ng kakila-kilabot na mga pangyayari.

Matutunghayan din ang mga gomang sandalyas na gawa sa mga lumang gulong.

Ang mga ito ay ginawa ng mga tao na tumira sa mga *refugee camp* sa Sudan. Ang mga tao na tumakas at nagsilikas sa mga kampong ito ay karaniwang walang bitbit na kahit anumang ari-arian, kung kaya gumagawa sila ng paraan para magamit ang mga bagay-bagay sa paligid nila. Maaaring hawakan ang mga gamit na makikita rito.

Mula sa *refugee camp* sa Nepal ay mga platong gawa sa pinagtagpi-tagping mga dahon, at mula naman sa isang *refugee camp* sa Congo ay mga laruang gawa sa mga lata at mga inukit na kahoy na hugis-hayop.

Dagdag pa rito, may mga bagay din na nagpapahiwatig ng trahedyang at kalupitan na dulot ng mga digmaan at gyera, tulad ng mga modelo ng *land mine* at hindi na gumaganang *Kalashnikov rifle* na karaniwang ginamit noon ng mga batang sundalo. Maaari ding hawakan ang isang *bulletproof vest* na ginamit sa hukbong Amerikano. Dahil isinusuot ito upang iwasang umabot ang mga bala sa katawan, naglalaman ito ng mga *steel plate*, at napakabigat nito.

P52

Mga Sandatang Nukleyar at Terorismo

Hindi ninyo maaaring makuha ang lakas na ito, ang mga inosenteng tao.

“Tulangan nyo kami!”

Nang bumagsak ang bombang atomiko sa Hiroshima,

Ito ang mga katagang narinig ni Chan Bokusun mula sa kanyang ina.

Diskriminasyon dahil tayo’y mga residenteng Koreyano, kahirapan, at ngayon nama’y bomba?

Ano’ng kasalanan namin? Bakit kailangan kaming masunog?

Kinain ng radyasyon mula sa pagsabog ng bomba ang kanyang katawan.

Patong-patong na diskriminasyon ang nagpadilim sa kanyang buhay.

Umapaw ang mga luha niya. “Hindi ko na kaya ito,” paulit-ulit niyang naisip.

Ang salitang “phoenix” ay biglang lumitaw sa kanyang isipan.

Ang taglay niyang lakas ng loob ang nagtulak sa kanyang magpatuloy.

“Nais kong ipabatid sa mga tao ang dinanas kong trahedyang dulot ng gyera, ang kilabot ng bombang atomiko, at ang kapangitan ng diskriminasyong naranasan ko.

Upang madaig ko ang aking kahinaan,

palalakasin ko ang aking sarili! Upang madagdagan ang aking kaalaman, mag-aaral ako!”

Ginugol niya ang kanyang 50s sa pagpasok sa mga panggaging klase upang makumpleto niya ang *junior high school*, hayskul, at sa edad na 62, nagtapos siya sa unibersidad.

Ang kanyang misyon, isang pares ng mga gintong pakpak, kumikinang at malakas ang kampanya.

Ngayon ay abala siya sa pagtuturo sa hayskul at nagsisikap siya para sa *literacy education* kaalamang bumasa at sumulat.

Ang kanyang mga pangarap ay kumakalat sa mga kabataan sa buong mundo na nakikilahok mga pagkilos para sa kapayapaan sa lebel ng *grass-roots*.

< Pagpili ng Pag-asa Laban sa Galit >

Ang kasalukuyang “digmaan” ay nagbibigay-daan sa “terorismo”, ang walang pinipiling pagkitil sa buhay ng mga inosenteng tao, na hindi mo alam ang kanilang pangalan o mukha.

“Naniniwala ako na ang tanging paraan upang mabigyan ng kaligayahan ang sarili kong anak ay kailangan muna ako mismo bilang magulang ay sumaya. Sa gayon, lalaki ang anak na pipiliin niya ang pag-asa kaysa galit sa kanyang puso.”

Ito ang mga salitang binitawan ni Mariane Pearl, ang maybahay ni Daniel Pearl, ang reporter ng *Wall Street Journal* na dinukot at pinatay sa Pakistan. Naaalala niya ang mga panahong hinangad niyang maghiganti. Subalit napagtanto niya na “ang wastong paraan upang tugunan ang di-makataong terorismo ay sa pamamagitan ng pag-ibig, pagpapatawad, at kabutihan ng kalooban.” Ngayon, patuloy siyang nagsisikap na mabigyan ng maligayang tahanan ang kanyang anak na si Adam, na ipinanganak matapos mapatay ang kanyang ama.

< Bombang Atomiko >

Noong Disyembre 1945, umabot sa mahigit 210 libong katao (140 hanggang 150 libo sa Hiroshima at 74 libo naman sa Nagasaki) ang namatay dahil sa mga bombang hinulog sa mga lungsod na ito. Ang radyasyon sanhi ng pagsabog na iyon ay puminsala sa mga *gene* (isang kemikal na yunit na nagtataglay ng namamanang katangian mula sa magulang tungo sa anak) sa katawan ng mga nakaligtas, na naging sanhi ng iba’t ibang sakit na patuloy na kumikitil sa buhay ng marami. Nagpapalala pa sa kanilang situwasyon ang diskriminasyong may kinalaman sa pag-aasawa at trabaho, at pati ang pamilya

ng mga biktang ito ay dumanas din ng diskriminasyon. Kabilang sa mga biktima ay libu-libong mga bihag na Koreyano, Intsik, at Amerikano.

P53

Gyera at mga *Landmine*

Huwag Tayong Susuko

“Kung may artipisyal na paa lang sana ako, makakatakbo ako.”

“Nais kong gamitin ang aking pagtakbo upang magpahayag ng mensahe sa buong mundo.”

“Huwag tayong bastang susuko sa inaakala nating mga limitasyon. Sa paghamon natin sa sariling kakayahan, binabago tayo nito at umaapaw sa mga posibilidad ang mundong ginagalawan natin.”

--- Mula sa *One Step Beyond*, ni Chris Moon

Si Chris Moon ay isang *torchbearer* sa ginanap na Winter Olympics sa Nagano noong 1998. Habang inaalas nila ang mga nakabaon na bomba (*landmine*) sa Cambodia, nasabugan siya nang matapakan niya ang isa nito. Ito ang dahilan kung bakit nawalan siya ng ilang bahagi mula sa kanyang kanang kamay at paa. Upang malagpasan ang matinding dagok na ito sa kanyang buhay, sa pamamagitan ng kanyang ugaling magbiro, nagpasya siyang magpatuloy sa kanyang buhay.

< Maaari Lamang Silang Kumuha >

“Ang kuya at nakababatang kapatid na babae ay parehong nakatapak ng *landmine*. Maaaring sabihing “masama ang kanilang kapalaran”, ngunit ang tunay na masama rito ay ang mga tao na gumagawa at gumagamit ng mga *landmine*.” --- Mula sa *Antipersonnel Landmines Cambodia*, ni Ken Fujiwara.

“Hindi upang pumatay, ngunit upang manakit,” sabi ng mga taong gumagamit ng mga *landmine*.

Sa sandaling maibaon ito, hindi na lilitaw ang mga *landmine* maliban na lamang kung sumabog o sadyang tanggalin ang mga ito.” Ito ang sanhi ng napakatinding pinsala pagkatapos ng mga digmaan, sa panahong dapat naghahari ang kapayapaan. Sa bawat 22 minuto, may isang tao sa isang dako ng mundo ang napapahamak dahil sa *landmine*.

< Kaisahan ng Kabutihan para sa

Pagbabago ng Mundo >

Noong 1992, itinaguyod ng mga NGO mula sa iba't ibang panig ng mundo ang *International Campaign to Ban Landmines*, na may layuning "alisin sa mundo ang bawat isa sa may 100 milyong mga *landmine* na nakakalat sa ibabaw nito." Lumakas ang pagkilos na ito, at sa tulong ng pamahalaan ng Canada, naitatag ang kasunduan para sa pagbabawal ng mga *landmine* (*Mine Ban Treaty*). Ito ay isang kasunduang puno ng paninindigan upang alisin ang mga *landmine*. Noong Hulyo 2005, inaprubahan ang kasunduang ito ng may 145 na mga bansa sa buong mundo, kasama na rin ang mga pwersang lumalaban sa pamahalaan.

< Pagbubuo ng *International Criminal Court* >

Ang *International Criminal Court* ay isang permanenteng hukumang pandaigdig kung saan ang isang indibidwal ay maaaring litisin para sa mga krimeng naganap sa gyera. Sa panahon ng digmaan, ginagahasa, pinapatay, at dinudukot ang mga kababaihan at mga bata. Subalit hanggang kamakailan lamang ay walang hukumang pandaigdig na siyang lilitis sa mga tao na gumawa ng mga krimeng ito. Nagbago ito simula nang maitaguyod ang *NGO Coalition for an International Criminal Court*, isang koalisyon ng mahigit sa isang libong *non-government organization* mula sa iba't ibang dako ng mundo. Ang kanilang panukala ay pinagtibay ng mahigit sa 60 na mga bansa, at nagsimulang gumana ang hukumang ito noong 2002.

<Pagdukot/Pagkidnap >

Tumutukoy ito sa biglaang pagdukot at pagtangay sa isang tao na labag sa kanyang kalooban. Nangyayari ang mga pagdukot na ito sa panahon ng mga gyerang-sibil at sa panahon ng *political instability*, kung saan pwersahang inaaresto, dinudukot at ikinukulang ang mga lumalaban sa pamahalaan. Karamihan sa mga biktima nito ay mga inosenteng mamamayan. Kinikilala na ngayon ng *International Criminal Court* ang "pagdukot sa mga tao" bilang isang krimen laban sa sangkatauhan.

P54

Impormasyon Tungkol sa mga Sandatang Nukleyar, mga *Landmine* at Iba pang mga Armas

< Mga Sandatang-Nukleyar sa Mundo >

Sa kasalukuyan, mayroong tatlong libong sandatang-nukleyar sa buong mundo --- 16,000 sa Russia, 10,310 sa Amerika, 390 sa Tsina, 350 sa Pransiya, at 200 sa Britanya. Kung pagsasamahin ang lahat ng mga armas na ito, may sapat na lakas ito upang mapatay ng ilang beses ang pangkalahatang populasyon ng mundo. Simula nang pasabugan ng bombang atomiko ang Hiroshima at Nagasaki, walang-hupa ang paggawa ng mga sandatang-nukleyar sa buong mundo, at mahigit sa 2000 na nukleyar test ang naganap bilang bahagi ng pagsulong nito.

< Mga Problema sa Paggawa ng mga Sandatang-Nukleyar >

Ang mahalagang elemento sa paggawa ng mga armas na ito ay *uranium*. Habang pinapabuti ng mga mayayamang bansa ang kanilang mga armas-nukleyar, ang mga tao na nagmimina ng *uranium* ay ang mga pinakadukhang mamamayan ng mahihirap na mga bansa. Siyempre pa, ang mga taong ito ang mga biktima sa mga masasamang epekto ng pagkasira ng kapaligiran na dulot ng radyasyon. Bagamat ang tanging silbi lamang ng mga armas na ito ay kumitil ng buhay, patuloy ang paggawa ng mga sandatang-nukleyar.

< Mga *Landmine* >

Mayroong 16 milyong *landmine* ang nakabaon sa Iran, 15 milyon sa Angola, 10 milyon sa Afghanistan, 8 milyon sa Cambodia, 3 milyon sa Bosnia Herzegovina, 2 milyon sa Mozambique, 2 milyon sa Croatia, 1 milyon sa Sudan, 1 milyon sa Somalia, at 500,000 naman sa Ethiopia. Mayroon ding mga *landmine* sa Kuwait, Korea, Tsina, at Vietnam.

< *Cluster Bombs* >

Ito ay isang kumpol ng mga bomba na naglalaman ng mga 200 na maliliit na bomba na tinatayang kasinlaki lamang ng isang lata ng *softdrink*, at kapag pinasabog ito, malawak ang lugar ang mapipinsala ng mga maliliit na bomba nito. Ang hugis at kulay ng mga hindi pumutok na maliliit na bomba na nakakalat sa lupa ay nakakatawag ng pansin ng mga bata, na siyang sanhi ng sakuna. Ang mga hindi pumutok na bombang ito ay nagdudulot ng panibagong problemang katulad ng mga *landmine*.

< Mga Bombang Gawa sa *Depleted Uranium* >

Ang mga bombang ito ay naglalaman ng *radioactive uranium* at may sapat na

pwersa para tumagos sa mga tangke. Bagamat ang hinahayag na gamit nito ay laban sa mga tangke, malaking pinsala ang dulot ng mga bombang ito sapagkat inilalantad nito ang mga tao sa radyasyon. Sa mga nakaraang taon, nakikita ang mga epekto ng radyasyong ito sa mga lumalaking bilang ng mga taong may kanser at mga kapansanan na naninirahan sa mga lugar kung saan ginamit ang mga bombang ito. Dagdag pa rito, ang *radioactive* na elementong taglay ng mga armas na may *depleted uranium* ay madaling tumatagos sa lupa, na siyang dahilan ng polusyon ng lupa at tubig. Sinasabi rin na nananatiling *radioactive* ito sa loob ng ilang daang milyong taon.

<AK 47>

Ang AK47 ay isang uri ng baril na ginamit ng mga batang sundalo sa mga lugar kung saan nagaganap ang gyera. Isa itong otomatik na riple na ginawa ni Mikhail Kalashnikov sa dating Soviet Union. Ipinangalan sa lumikha nito, ang *Kalashnikov rifle* (tinatawag ding AK47) ay magaan sa apat na kilo, at dahil may walong bahagi lamang ito, maaari itong dalhin at buuin ng mga bata.

P55

Gyera at mga *Refugee*

Lakas Upang Muling Mabuhay

Ang lupang pinintahang pula ng sikat ng araw ay mukhang nag-aalab. Sa hindi kapani-paniwalang init na 50 digri, makikita ang linya ng itim sa ibabaw ng pulang lupang sinunog ng araw. Kung titignang mabuti, makikita na ang baluktot na linyang itim ay mga tao. Ang mga taong tahimik na sumusulong ay tinatawag na mga "*refugee*".

Ang lugar na sinapitan nila ay hindi isang lugar kung saan maaaring magtayo ng ligtas na tahanan, Sa kabila nito, namumuhay sila ng buong sigasig, upang mabawi ang lakas nilang mabuhay.

"Sana ay nailigtas ko ang taong ito..." Ginagamot ng dating mga doktor at nars ang kanilang kasamang *refugee*.

"Palalaking kong mag-isa ang batang ito..." Ang isang batang-ina (*child-mother*) ay gumagawa at nagbebenta ng mga damit upang makabili ng gatas.

"Habang-buhay tayong magkasama..." Sa

ilang mga lugar, ang mga mamamayan ay payapang namumuhay kasama ng mga *refugee*.

May mga sandaling hindi ka makatayo nang mag-isa.

Isinisilang ang pag-asa sa pamamagitan ng pagtutulungan ng maraming tao.

Salaysay ng isang binatang Afghan na dumanas ng di-mabilang na mga paglusob at paglikas:

“Kapag nagkaroon ako ng pangarap, hindi ko ito binibitiwan. Isang pusong hindi nagpapatalo sa mga pagsubok ang nagbibigay ng lakas sa akin.”

Ang paaralang pinagtatrabahuhan niya ay walang limitasyon sa edad.

Magkakasamang nag-aaral ang mga bata at matatanda, may kinang sa kanilang mga mata.

Bagamat ilang beses nang nawalan ng pag-asa, ang pusong kumakapit sa kanyang mga pangarap ay bumabawi ng lakas upang mabuhay.

< Mga *Refugee* ng Gyera >

Kahit sa kasalukuyan, maraming mga bansa sa buong mundo ang patuloy na pinahihirapan ng mga gyerang-sibil, labanang-militar, at pag-uusig. Halos 80 porsyento ng mga *refugee* na ito ay mga tao na nasa mahinang katayuan sa lipunan: mga kababaihan, mga bata, at mga matatanda na nawalan ng mga asawa at mga anak dahil sa gyera. Kabilang sa mga ito ang mga *child-mother* (batang-ina), mga 12-13 taong gulang na mga batang babae na sa murang edad ay kinakaharap ang pagbubuntis matapos silang gahasain o abusuhin sa panahon ng paglikas, ng mga lalaking nagsasagawa ng *ethnic cleansing*. Naghihintay sa mga nakaligtas ang hindi maginhawang buhay sa loob ng mga kampo, kung saan walang sapat na pagkain o tubig. Dito, kalaban nila ang gutom at pagkalat ng mga sakit.

< Mga *Refugee* sa Hapon >

May mga taong naninirahan sa Hapon bilang mga *refugee*. Mga tao na hinihagad manirahan sa isang mapayapang bansa, na may kalayaan sa pagpapahayag...iyan ang sadya nila dito. Sa panahon ng maunlad na sistemang pangkomunikasyon at transportasyon, tumataas pa rin ang bilang ng mga tao sa buong mundo na naghahanap ng isang ligtas na lugar na malilipatan. Ayon sa *Ministry of Justice* ng Hapon, sa pagitan ng 1982 at 2003, may 3,118 katao ang naghagad ng *refugee status* sa Hapon, kung saan 315 sa kanila

ang binigyan ng nasabing katayuan. Pangalawa ang bansang Hapon sa pagbibigay ng tulong-pinansiyal sa UNHCR, subalit walang masyadong pagsulong ang nangyayari sa pagpapapasok ng mga *refugee* sa bansa.

P56

Impormasyon Tungkol sa mga Gyera at mga *Refugee*

May nagaganap na gyera, sa sandaling ito.

< Mga Gyera at Terorismo na Nangyari Kamakailan Lamang >

Ang Islamikong *fundamentalist movement* sa Algeria, ang *separatist movement* na Sikh, ang mga pagbomba ng mga terorista sa London, ang gyera sa Kanlurang Sahara, ang gyerang-sibil sa Sierra Leone, ang gyerang-sibil sa Liberia, ang hidwaab sa Biger Delta, ang gyerang-sibil sa Chad, ang gyerang-sibil sa Sudan, ang hidwaan sa hangganan ng Ethiopia at Eritrea, ang gyerang-sibil sa Somalia, ang gyerang-sibil sa Rwanda, ang gyerang-sibil sa Burundi, ang gyerang-sibil sa Congo (dating Zaire), ang gyerang-sibil sa Angola, ang hidwaang Kashmir, ang *Hindu supremacist movement*, ang gyera ng mga grupong etniko sa Sri Lanka, mga kilusang pang-kasarinlan ng mga minorityang grupong etniko sa Myanmar, ang kilusang pang-kasarinlan sa Uighur, ang kilusang pang-kasarinlan sa Tibet, ang hidwaan sa pagitan ng Tsina at Taiwan, ang alitan sa tangway ng Korea, ang alitan sa pag-aari ng Spratly Islands, ang hidwaan sa Mindanao, ang kilusang pang-kasarinlan sa Aceh, ang hidwaan ng mga grupong etniko sa Kalimantan, ang hidwaang panrelihiyon sa Maluku, ang kilusang pang-kasarinlan sa Irian Jaya, ang kilusang pang-kasarinlan sa New Caledonia, ang gyerang-sibil sa Solomon Islands, ang hidwaan ng mga grupong etniko sa Fiji, ang terorismo sa Amerika noong 9/11, ang pambansang kilusan para sa liberasyon ng Mexico, ang kilusang laban sa pamahalaan ng Colombia, ang kilusang laban sa pamahalaan ng Peru, ang hidwaan sa Hilagang Ireland, ang kilusang pang-kasarinlan ng Basque, ang hidwaan sa Kosovo, ang hidwaan sa Macedonia, ang hidwaan sa Dniester, ang hidwaan sa Georgia, ang gyerang Chechen, ang hidwaang Nagorno-Karabakh, ang gyerang-sibil sa Tajikistan, ang gyerang-sibil sa Afghanistan, ang kilusang pang-kasarinlan ng mga Kurd, ang gyera sa Iraq, ang hidwaan sa Cyprus, ang hidwaan

sa pagitan ng Israel at Palestine, ang Islamikong *fundamentalist movement* sa Egypt.

< Mga *Refugee* >

Sa kasalukuyan, may tinatayang 40 milyong *refugee* sa buong mundo.

May iba't ibang uri ng mga *refugee*:

Refugee – mga tao na tumawid ng mga border at tumakas papunta sa ibang bansa: 11.9 milyon.

Resettlement refugee – mga tao na hindi na hinahagad o hindi maaaring bumalik sa sarili nilang bansa dahil sa patuloy na pag-uusig na nagaganap doon: 83,700.

Asylum seekers – mga tao na tumakas mula sa kanilang sariling bansa at naghihintay upang mabigyan ng legal na status bilang *refugee* sa isang bansa na hinihingan nila ng proteksyon: 839,200.

Internally displaced persons – mga tao na tumakas papunta sa isang ligtas na lugar sa loob ng kanilang sariling bansa: 23.6 milyon.

Returnees – mga *refugee* na umuwi sa kanilang sariling bansa subalit nangangailangan ng tulong upang muling itaguyod ang kanilang pamumuhay: 1,494,500.

P61

Eksibit Tungkol sa Pandaigdigang Proteksyon ng Karapatang-Pantao

Makikita rito ang kopya ng unang edisyon ng *Perpetual Peace* na isinulat ni Kant at inilimbag noong 1795. Ito ang unang likha na nagsusulong ng pagbubuo ng isang pandaigdigang samahan ng mga estado. Naglalaman lamang ng siyam na Artikulo at dalawang Suplemento, nasa maikling dokumentong ito ang pahayag ng may-akda tungkol sa kanyang hiling para sa panghabang-panahong kapayapaan.

Isa pang aklat na makikita rito ang naunang kopya ng *The Struggle for Law* ni Jhering, na isang klasikong dokumento tungkol sa mga karapatan.

Matutunghayan din sa eksibit ang isang koleksyon ng mga *commemorative stamp* na inilabas ng United Nations Postal Administration. Ang mga selyo ng UN ay natatangi at maaari lamang gamitin para sa pagpapadala ng mga sulat o pakete mula sa UN Headquarters sa New York, o sa mga opisina ng UN sa Europa --- sa Geneva at Vienna.

Nandito rin ang *INF Treaty Commemorative Disarmament Medal*. Ang mga medalyang ito ay gawa mula sa mga bahagi ng *nuclear missile* na ipinagbawal

sa ilalim ng *INF Treaty*, at inihandog sa mga indibidwal na kumilos para sa pagtatapos ng *Cold War*. Ang medalyang ito ay may *serial number* na 49, at ipinagkaloob sa presidente ng SGI na si Ikeda.

P62

Pandaigdigang Alituntunin para sa Kapayapaan

Upang mapangalagaan ang mga karapatan ng lahat ng mga tao, narito ang mensahe ng pag-asa para sa kinabukasan. Ang pandaigdigang proteksyon ng mga karapatang-pantao --- ito'y bunga ng mga paghihirap, sakripisyo, karunungan at kaligayahan ng di-mabilang na mga indibidwal na nakipaglaban para sa mga karapatang-pantao sa loob ng mahabang panahon.

Pati sa sandaling ito, nagpapatuloy ang pagsulong.

< Ang Paglitaw ng mga Bagong Aktor >

Malaking pagpapahalaga ang ibinibigay sa ginagampanang papel ng mga NGO sa kanilang pagsisikap na ang mga opinyon ng mga indibidwal ay maaninag sa UN at iba pang mga internasyonal na komunidad, habang ang mga partnership para sa pagpapatupad ng mga karapatang-pantao ay patuloy na pinatitibay. Nitong mga nakaraang taon, lumalakas ang impluwensiya ng mga *multinational companies* (mga kompanyang may negosyo sa ibang bansa) sa buong mundo, at ang pagsunod sa mga karapatang-pantao ay tumatawag ng pansin ang "*corporate social responsibility*" (tungkulin ng mga korporasyon sa lipunan). Ang *Global Compact*, isang inisyatibo ng United Nations at ng mga kompanya, ay umaani ng suporta bilang paraan sa pagtugon sa mga problemang may kinalaman sa mga karapatang-pantao at sa pangangalaga sa kapaligiran. Dagdag dito, inaasahan dun ang mga programang pinapatupad ng mga lokal na pamahalaan sa mga bansa sa buong mundo, at ang pagtataguyod ng karapatang-pantao ng mga lokal na organisasyon para sa karapatang-pantao, tulad ng mga komite para sa mga karapatang-pantao at mga *ombudsperson*.

< Mga Panibagong Usapin Tungkol sa mga Karapatang-Pantao >

Sa pagpasok sa ika-21 na siglo, ikinakaharap ng mga internasyonal na komunidad ang ilang mga usapin tungkol

sa karapatang-pantao na kasabay ng paglawak ng *economic gap* na dulot ng globalisasyon at mga pag-unlad sa larangan ng siyensa, tulad ng *information technology* at *biotechnology*. Halimbawa ng mga isyung ito ay mga problemang may kinalaman sa pangangalaga ng *privacy* ng isang tao at pagmamatyag (*surveillance*), at etikal na pagkukuwestiyon sa isyu ng *cloning*. Sa kabilang banda, nariyan ang matagal nang mga usapin na nangangailangan ng karagdagang konsiderasyon, tulad ng parusang kamatayan (*death penalty*), *discriminatory language*, at karapatan sa malayang pagpapahayag (*freedom of expression*).

< Pandaigdigang Programa Para sa Edukasyon Tungkol sa Karapatang-Pantao >

Ang pagsulong at pagtataguyod ng mga karapatang-pantao ay isang mahalagang gawain sa pandaigdigang proteksyon ng mga karapatang-pantao. Upang maitaguyod ang pandaigdigang kultura tungkol sa mga karapatang-pantao, ibinunsod ng United Nations nitong 2005 ang *World Program for Human Rights Education*, isang pandaigdigang inisyatibo na kasunod ng *United Nations Decade for Human Rights Education*, na nagsimula noong 1995. Ang programa ay dinisenyo hindi lamang para tugunan ang mga paglabag sa karapatang-pantao, kung hindi binibigyang-halaga din ang personal na pag-unlad ng bawat mag-aaral. Ang unang yugto (mula sa 2005 hanggang 2007) ay pagtutuunan ang edukasyon tungkol sa mga karapatang-pantao sa elementarya at *junior high school*.

P72

Pagtatapos

Nagustuhan ba ninyo ang "Eksibit ng Karapatang-Pantao sa ika-21 na Siglo"?

Kung may mga bahaging hindi ninyo nagustuhan o sa tingin ninyo ay mahirap maintindihan, mangyari lamang na ipagbigay-alam sa amin sa pamamagitan ng mga *questionnaire* o pagsabi nang direktso sa aming tauhan. Pag-iisipan naming mabuti ang lahat ng inyong opinyon, at sa pamamagitan ng mga ito ay makapagtatayo kami ng mas magandang pagtatanghal para sa inyo. Siyempre pa, tatanggapin namin nang malugod ang inyong mga positibong komento.

Ang paghahanda para sa pagtatanghal na

ito ay inabot ng halos isang taon, at naisakatuparan ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga tao na nagsalaysay dito ng kanilang mga karanasan, mga tumutulong na mga organisasyon, at mga tao na nagbuhos ng kanilang panahon sa pakikipanayam. Lahat ng mga nakapanayam ay nabubuhay sa hindi maipagkakailang kahirapan, subalit ang mga salitang binitiwang nila ay hindi iyong may galit o hinanakit, kung hindi "mga tula ng pag-asa". Ang mga kuwento nila ay naging inspirasyon para sa lahat ng mga bumuo ng pagtatanghal na ito.

Nais naming tapusin ang pagtatanghal na ito sa pamamagitan ng pagsabi ng "Maraming Salamat Po!" mula sa kaibuturan ng aming puso, para sa mga tao na gumugol ng kanilang oras upang maisakatuparan ang pagtatanghal na ito, at para sa inyong lahat na nagbigay ng oras sa pagdalo dito.

P73

Mga Picture Book

Ang seksyon ng "Mga Kuwentong Magpapataba ng Inyong Puso" ay kalilibangan ng bata man o matanda. Maaari ninyong hawakan at basahin ang may 400 na mga *picture book*, kasama na ang mga libro na nagpapahiwatig kung gaano kahalaga ang mundo, ikaw, at iyong mga kaibigan. Nandito rin ang mga *barrier-free* na mga libro mula sa ibang bansa tulad ng Iran at Sweden.

P74

Tungkol sa Sponsor

Soka Gakkai at mga Karapatang-Pantao

Ang ina ng kapayapaan ay karapatang-pantao, at ang mga karapatang-pantao ay itinataguyod ng edukasyon.

Ang Soka Gakkai International (SGI), kasama ng 12 milyong myembro nito mula sa 190 na mga bansa at teritoryo sa buong mundo, ay isinusulong ang kapayapaan, kultura at edukasyon batay sa mga makataong prinsipyo ng Budismo. Noong 1983, nakatala ang SGI bilang isang NGO sa *United Nations Economic and Social Council*, at noong 1981, ang Soka Gakkai Japan ay naitala bilang isang NGO sa *United Nations Information Centre* at sa

Office of the United Nations High Commissioner for Refugees.

Itinatag ang Soka Gakkai noong ika-18 ng Nobyembre, 1930, ni Tsunesaburo Makiguchi (ang unang presidente) at ni Josei Toda (ang pangalawang presidente). Noong Hulyo 1943, si Presidente Makiguchi at General Direktor Toda ay ipinakulong sa salang hindi paggalang, dahil sa kanilang hindi pagsang-ayon sa mga militar na gumagamit ng pagkontrol ng pag-iisip, para sa Shintoismo. Sapilitang pinatigil din ang paglilimbag ng pahayagan ng organisasyon. Kahit nasa kulungan, iginiit ni Presidente Makiguchi na ang digmaan ay hindi isang krusada, kung hindi isang malaking kapahamakan para sa lahat ng mamamayan ng bansang Hapon. Noong ika-18 ng Nobyembre ng sumunod na taon, namatay siya sa kulungan sa edad na 73.

Noong 1945, nang matapos ang digmaan at pinalaya si Toda, nagpasya siyang itaguyod muli ang nasirang Soka Gakkai. Noong ika-8 ng Setyembre, 1957, sa isang pagtitipon ng mga 50,000 na kabataan, ipinahayag ni Toda na ang paggamit ng mga sandatang-nukleyar ay dapat ipagbawal. Ang pahayag niyang ito ang naging pundasyon sa kilusan para sa kapayapaan ng Soka Gakkai.

Noong 1960, naitalaga si Daisuke Ikeda bilang pangatlong presidente ng organisasyon. Ipinagpatuloy niya ang pagkilos para sa pagtataguyod ng kapayapaan, sa pamamagitan ng pangunguna sa mga diyalogo at sa gawa. Habang nagtatrabaho bilang pinuno ng isang *grass-roots movement*, siya'y idinemanda sa kasong *fabrication* (pagtahi ng mga kuwento) at ikinulong ng dalawang linggo. Matapos ang apat at kalahating taon sa korte, napatunayang wala siyang kasalanan. Nabisita na ni Ikeda ang mahigit sa 50 mga bansa, at nakipag-usap na sa mga pinuno sa mundo at mga pangunahing tao sa larangan ng kultura, sa mahigit 1600 na okasyon. Bawat taon simula noong 1983, iminungkahi niya sa internasyonal na komunidad ang "*Peace Proposals*" na naglalaman ng malawak na saklaw ng mga paksa. Isa rin siya sa mga tagpagtaguyod ng *United Nations' World Programme for Human Rights Education* na inilunsad ngayong taon.

Bilang tugon sa kilusang pangkapayapaan ni Presidente Ikeda ng SGI, ang Soka Gakkai Youth Division ay nagdaos

ng "Human Rights in Today's World" na eksibisyon sa 40 mga lungsod sa walong bansa sa buong mundo, na dinayo ng may 500,000 na mga bisita. Ipinagpapatuloy nila ang pagpapahayag ng mensahe ng kapayapaan sa pamamagitan ng iba pang mga eksibisyon, lektyur, at mga lathalain. Dagdag dito, binuo ng *Women's Peace Committee* ang eksibisyong "*Children's Human Rights*" na ipinalabas na sa 55 lugar sa buong bansa.